


*ANG MGA KASALUKUYANG
PANGYAYARI AY GINAWANG MALINAW
SA PAMAMAGITAN NG PROPESIYA*

 Iyuko natin ang ating mga ulo. Minamahal na Makalangit na Ama, kami'y nagpapasalamat po sa Iyo ngayong gabi dahil sa Iyong tinutugon ang panalangin para sa amin. Itong kawawang mahal na babaing nakahiga doon, kung saan ang pag-operá ay nabigo. Ngunit, O Dios, aming naaalala ang kauna-unahang pag-operá na ginawa sa lupa, ginawa Mo po iyon Mismo. Iyong kinuha mula sa tagiliran ni Adan, ang isang tadyang, isinara ang pinaghiwaan, at gumawa ng isang asawang babae. O Ama, ako'y dumadalangin ngayong gabi na ang Iyong kamay ay bababa ngayon at gagawin itong dakilang bagay na aming hinihiling. At itong mga iba pa, Panginoon, ito pong babae na nagdurusa sa pagpapahirap sa utak, ang lahat ng iba pa na may mga kahilingan, sadyang ipinagkakatiwala po namin sila sa Iyo, Ama, nang buong puso namin. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Talagang isang pribilehiyo ang makaparito ngayong gabi at magkaroon nitong mga tagapakinig na kay-gandang pagmasdan. At ang mainam na pag-aawitan, ang kahanga-hangang munting koro. Iniisip ko lang ang pagkakaiba, nakikita silang mga batang lalaking nakatayo doon na may . . . malilinis tingnan na mga lalaki, malilinis na mga gupit ng buhok. Iniisip ko, kagabi, ang tungkol sa—tungkol sa tirahan kung saan ako nanunuluyan; isang pulutong ng mga basagulero ang dumating doon at pinipilit lunurin ang isang batang lalaki sa palanguyan; kinailangan nilang tumawag ng kung ano at nang mapaalis sila doon. Anong pagkakaiba, na makita ang mga batang nakatayo, umaawit ng pang-Ebanghelyong mga awitin; anong pagkakaiba.

² Iniisip, gaya ng sinabi ni Kapatid na Henry doon, “yung mga lalaki na ang kanilang buhok ay katulad ng dapat para sa mga babae,” nakita n'yo. Iyan—iyan—iyan ay tama. Parang katulad ng . . . Nakikita ko itong mga kabataang lalaki na sinusubukan iyon, na may ganyang buhok, naglalagay pa nga sila nitong mga roller na pangkulot doon, sa palibot ng kanilang mukha. At hindi ko alam, ako . . . minsan ako'y pinanghihinaan ng loob. Ito'y mukhang para bang ito—ito'y isang tunay na panahon ng kabaluktutan. Ang mga lalaki ay nagpupumilit magsuot ng mga damit na pambabae, at ang mga babae ay nagsusuot ng

mga damit na panlalaki. At ang kalalakihan hinahayaan ang kanilang buhok na maging gaya ng sa mga babae, at ang mga babae naman kagaya ng sa lalaki ang kanilang buhok. Ano ba'ng nangyayari sa mga taong ito, kung tutuusin? Ang ano ba, talaga, ang mismong mga hibla ng tumpak na kaasalan at dangal ay nawala na ba sa bansang ito at sa mga taong ito, sa mundong ito?

³ Ito'y isang nakakapangilabot na panahon, pero ito ang pinakamaluwalhating panahon dito sa mundo, para ipangaral ang Ebanghelyo. Kung ako'y nakatayo lang sana sa bingit ng panahon bago pa ito dumating sa kahayagan, at ang Ama ay nakatingin sa akin, at nagsabing, "Anong panahon sa lahat nitong mga kapanahunan mo gugustuhing mangaral?" Gugustuhin ko ito na ngayon na mismo, tama 'yan, kaunting panahon bago ang Kanyang Pagdating.

⁴ Nakatanaw sa mga tagapakinig, na nakaupo dito sa harapan natin... Isang ministrong kaibigan ko, sa Tucson kahapon, ang nakasakay sa isang kabayo. (Iniisip ang taong ito na meron nitong... ang babaeng ito na may diperensya sa disc sa likod niya.) Itinilapon siya nitong kabayo. Isang lalaki pa ang tumawag sa akin bandang ala-una nitong umaga, sa aking hotel, at ang sabi, "Ang lalaki ay nasa Veterans Hospital, at blangko ang pangingin niya, bali ang kanyang likod, nakalabas ang kanyang mga bato, at ang kanyang puso ay malapit nang bumigay." At doon ako'y napaluhod sa sahig, lumuhod; telepono, kinausap ko siya sa kabilang dulo, at nagdasal para sa kanya. At naririto siya nakaupo dito ngayong gabi, nakaupo mismo doon. Iyon ay kagabi. Bob, maaari bang tumayo ka diyan? Hayun ang lalaki, nandoon mismo. [Ang kongregasyon ay pumapalampak—Pat.] Ang Dios ay sumasagot ng panalangin, umaga, gabi, tanghali, hating-gabi, o kahit anong oras.

⁵ Ngayon, ako—ako'y sadyang isang mangangaral na pasikut-sikot, gaya ng kanilang tawag dito. Sadyang parang hindi ko gusto na magsimula sa ganitong oras ng gabi, at—at naisip kong pumarito na lamang. Noong nakaraang gabi, aba, kami'y nangungusap banda rito sa isang pook, at ang... labing-limang minuto matapos akong magsimulang mangusap, ang mga tao ay nagsisipagdampot na ng mga plato at sumisenyas sa akin, "Tigil na! Manahimik na, kailangan mo nang lumabas dito," mga nagsisigarilyo, at kung anu-anong pinaggagagawa. Hindi iyon kasalanan ng—ng sa bangkete, iyon ay 'yung mga tao kung kanino namin inupahan iyon. At ang—ang asawang babae ng tagapangulo ay umikot at sinabihan ang tagapamahala, sabi...

⁶ Sabi, "Aba, inaasahan kayong lumabas rito ng 9:30."

⁷ Sabi, "Hindi mo inilagay 'yan sa kontrata."

⁸ Itong binibini, ngayong gabi, siya'y naparito (tunay na napakabuting binibini) at sinabi niya, "Naunawaan naming gusto mo ito," ang sabi, "basta gamitin mo lang ito hangga't

gusto mo.” Kaya nga . . . Kaya ako’y talagang nagpapasalamat ng dahil diyan. Iyan ay talagang napakaigi.

⁹ Kapatid na Henry, talagang kinalulugdan ko ang inyong—ang inyong kabutihan sa pag-aanyaya sa akin dito, at ang sangay na ito.

¹⁰ Nagkaroon ako ng pribilehiyo kagabi sa pagkakaparito sa Assemblies of God kung saan sa tingin ko isang Kapatid na Boone ang pastor. Nagkaroon ng napakagandang pagkakataon doon kasama ang grupong iyon ng mga tao. At bukas ng gabi dadayo kami sa kung saan man banda rito, hindi ko alam kung saan ’yon, at iyan ay iba namang sangay. Sila ang namamahala niyon; ako’y patuloy lang sa pananalangin, pagbabasa, at pagsama, at iyon lang halos ang nakakayanan kong sabayan.

¹¹ Ngunit, ngayon, tayo’y nakakakita ng mga kataka-takang bagay sa panahong ito. Ngayon naaalala ko ang huling pagkakataon na ako’y narito ay sa isang pagtitipon sa tolda. Naaalala ko ang tungkol sa pagsasalaysay ko tungkol dito kagabi, tungkol sa isang munting mag-asawa na dinala ang kanilang patay na sanggol sa loob. Iyon—iyon ay sa kung saan banda rito, sila’y nagbiyahe buong araw at gabi. Ang munting ina nakaupo, malungkot, karga ang munting sanggol sa kanyang mga bisig. Ngayon, siya’y maaaring nakaupo dito mismo ngayon, hindi ko lang alam. At siya . . . ang munting asawang lalaki, ang ilan pang mga mag-asawa na kasabay nila, at sila’y nag . . . At ang babae ay nagsabi . . . tinanong ako kung ako’y makakapunta (ang lalaki ang nagtanong) sa kotse. Inilabas ko ang maliit na sanggol at karga-karga lang iyon; isang maliit, patay, naninigas, na malamig na anyo; at ako’y nagsimulang magdasal. At nang ako’y nanalangin, ang katawang iyon ay nagsimulang para bang ito’y umiinit. Kaya ako lang . . . Ako’y patuloy na nagdasal. Siya’y nagsimulang tumadyak at gumalaw, at nagpapatuloy, kaya ako . . . nagsimulang umiyak. Iniabot ko iyon pabalik sa ina, siya’y umuwing dala iyon. Kaya, sila’y maaari ngang hindi mga Cristiano, hindi ko lang alam. Kita n’yo? Iyon ay kamanghamangha.

¹² Ngunit kung tungkol sa ano ang iniisip ko, ngayong gabi, ako’y may alam na isang iglesya na naghihingalo, din, ito’y ang ating Pentecostal na mga tao. Kailangan nating mayugyog palabas rito, uh-huh, iyon lang. At ang tanging paraan na inyong magagawa ito ay ang manalangin at ang luminya sa Salita ng Dios. Iyon lang ang bukod-tanging paraan para magawa natin ito. May iisang daanan lamang palabas, Siya yaong daan, si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Gugustuhin ba natin na ang ating iglesya ay mapasa-ganyang kondisyon tulad ng kanyang sinabi doon, kagaya ng sa Inglatera? Iyan ang dahilan na ako’y naging, inyong iniisip, talagang napakawalang-galang, hinihiyawan kayo. At

hindi ko sinasadyang gawin 'yan, pero ayaw kong makita ang iglesya na nasa ganyang klase ng kalagayan. Ayaw ninyong mapasa-ganyang kalagayan. Iyong—sadyang kailangan mong ibaon Ito nang mariinan hanggang sa Ito'y maipako mo at magawa Itong kumapit. Ito'y kinakailangang gawin.

¹³ Kaya ngayon, sa gabing ito, meron lang akong isang... ilang Mga Kasulatan at paksa dito na nais kong talakayin nang ilang sandali. Wala akong sasabihin na tiyak na oras. Kayo'y mapapagod, aba...Maaaring tapos na ako sa loob ng tatlumpung minuto, at depende na lang sa...Palagi ko lang itong parang ipinaubaya sa Banal na Espiritu, sa alin mang paraan lang Siya manguna.

¹⁴ Iyuko natin ang ating mga ulo nang kaunti pang sandali, makipag-usap sa May-Akda bago natin buksan ang Kanyang Aklat.

¹⁵ Dios na Makapangyarihan sa lahat, ang May-Akda ng Aklat na ito, sa pamamagitan ni Jesus Cristo kami'y dumadalangin. Kami po'y nagpapasalamat sa kung ano na ang aming napakinggan ngayong gabi. Kung dapat—dapat man naming tuldukan itong pagtitipon sa pagsasabing, "Amen," at magsiuwi, naging kalugud-lugod po ang pagparito, dahil alam po namin na Ikaw ay nakasama namin. At, Ama, habang aming binubuksan itong Salita ngayon, mangusap Ka po sa amin nang tuluyan mula dito sa Salita, upang malaman namin ang panahong aming kinabubuhayan. Kung alam po namin ang panahong aming kinabubuhayan, kung ganoon kami'y makapaghahanda para sa panahong yaon; ngunit kung kami'y papasok na mga nabubulagan na hindi alam *kung ano o kung saan*, kung gayo'y hindi po namin alam kung papaano ang maghanda. Kaya, Ama, aming idinadalangin na Iyong ipapakita sa amin ang Arko doon, at ang Pintuan, na nakabukas, at ang Mensahe na tumatawag sa amin na pumasok. Ipagkaloob Mo po ito sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁶ Sa Mga Banal na Kasulatan, gusto kong basahin ang isang teksto dito, na makikita doon sa Aklat ni San Lucas, sa ika-24 na kabanata, ang...Aking sisimulan sa ika-13 talata, at babasahin ang isang bahagi Nito.

At, narito, dalawa sa kanila ay naparoon noong araw ding yaon mula sa nayong ngala'y Emaus, na may anim na pung—pung estadio ang layo sa Jerusalem.

At kanilang pinaguusapan...ang mga bagay na nangyari.

At nangyari, na, samantalang sila'y naguusap at...si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila.

Datapuwa't sa mga mata nila'y may nakatatakip upang siya'y huwag nilang makilala.

At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito, sa inyong paglalakad, at nangalulumbay ang mga mukha?

At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas, ang sumagot at sinabi sa kaniya, Ikaw baga'y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi ka nakaalam ng lahat ng mga bagay na ito na nangyari . . . nang mga araw na ito?

At sinabi niya sa kanila, Anong mga bagay? At sinabi nila sa kaniya, Ang mga bagay tungkol kay Jesus na taga-Nazaret, na isang propetang makapangyarihan sa gawa at sa salita sa harap ng Dios at ng buong bayan:

At kung paano ang pagkabigay sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng mga pinuno upang sa . . . hatulan sa kamatayan, at siya'y ipako sa krus.

Datapuwa't hinihintay naming siya ang tutubos sa Israel: at bukod sa lahat ng mga ito, ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang mga bagay na ito.

Oo, at bukod sa rito ang iba sa mga babaing kasamahan namin na naroon . . . sa libingan, ay nakapagtaka sa amin;

. . . nang hindi nila mangasumpungan ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsasabi, na sila nama'y nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na nangagsabi sa kanila . . . na nangagsabing siya'y buhay.

At nagsiparoon sa libingan ang ilang kasama namin, at nasumpungan nila alinsunod sa sinabi ng mga babae: datapuwa't siya sila . . . datapuwa't siya'y hindi nila nakita.

Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya (hindi magsisampalataya) sa lahat ng salita ng mga propeta:

Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at . . . pumasok sa kaniyang kaluwalhatian?

At magmula kay Moises at sa lahat ng mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila . . . lahat ng mga kasulatan ang mga bagay tungkol sa kaniya.

Nawa'y ang Panginoon ang siyang magdagdag ng Kanyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kanyang Mga Salita.

¹⁷ Ngayon kukunin ko . . . kung tatawagin ko itong isang paksa, gusto kong kunin ito: Ang mga pangyayari . . . *Ang Mga Kasalukuyang Pangyayari Ay Ginawang Malinaw Sa*

Pamamagitan Ng Propesiya. Ngayon, ito'y palaging ang sa Dios...ang hindi nagbabagong kaparaanan ng Dios na paunang...tulutan ang Kanyang mga tao na paunang-makaalam bago maganap ang ilang mga pangyayari.

¹⁸ Kung ang mga tao noong panahon ng Panginoong Jesus ay sumangguni lang sana sa Dios at nalaman kung ano ang nagbabadyang mangyari, hindi sana nila nahatulan si Jesus ng kamatayan. Subalit ang dahilan at nagkagayon, ay dahil ang Mga Kasulatan ay kinakailangang maganap, dahil ang mga Judio ay kinakailangang bulagin. Batid nating lahat 'yan.

¹⁹ Inyo bang napagtatanto na 'yan ay ipinangakong muli sa mismong kapanahunang ito na ating kinabubuhayan ngayon? Ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, itong ikapitong kapanahunan ng iglesya na kinaroroonan natin ngayon, ay hubad, aba, bulag, at hindi alam iyon. Katulad ng Kanyang binulag sila noon sa layuning maiparating ang Kanyang Mensahe sa piniling mga tao. Siya'y nangakong gagawin ang gayon ding bagay ngayon.

²⁰ At kung maaaring sabihin ko ito nang may pasintabi, at sa lahat ng aking kapatiran na mga lalaki at mga babae kay Cristo, isa sa mga araw na ito mayroong magsasabi, "Di ba't nasusulat na ang mga bagay na ito ay dapat munang maganap?"

²¹ At ito'y magiging gano'n ding pamamaraan tulad noon, "Katotohanan, Aking sinasabi sa inyo, siya'y dumating na, at kanilang ginawa kung ano ang kanilang naisin sa kanya."

²² Nang kanilang tanungin Siya, ang sabi, "Aba, ang sabi ng mga eskriba, at ang Mga Kasulatan ay nagsasabi na—na 'si Elias ay kailangan munang dumating." Sinabi nila 'yan kay Jesus.

²³ Sabi Niya, "Siya'y dumating na, at hindi ninyo siya nakilala." Kita n'yo? At marahil sa ganyang paraan din ito magtatapos muli.

²⁴ Ngayon gusto nating mapabatiran, para malaman kung ano ang magaganap para sa kapanahunan na ating kinabubuhayan. Ang Dios ay naglaan ng Kanyang Salita sa bawat kapanahunan, napakalaki sa bawat kapanahunan, at dapat nating pansinin na ang isang kapanahunan ay hindi maaaring magpatuloy sa susunod na kapanahunan. Ito'y sadyang hindi uubra. Halimbawa, gaya ng sinabi ko, sa palagay ko kagabi o... Ako'y walang tigil sa pagsasalita, gabi-gabi, mga lugar, at kung minsan may nasasabi akong nauulit nang makalawa. Hindi ko sinasadyang ulit-ulitin ang sarili ko. Pero sasabihin ko ito: Ano kayang ma... kabuluhan kaya ang naidulot kay Moises na sikaping ipangaral ang mensahe ni Noe? O anong kabuluhan kaya ang naging... ang naidulot kay Jesus na sikaping ipangaral ang mensahe ni Moises? O anong kabuluhan kaya ang naidulot kay Martin Luther na magpatuloy sa mensaheng Katoliko? Anong kabuluhan kaya ang naidulot kay Wesley na magpatuloy

sa mensaheng Lutheran? Anong kabuluhan kaya ang naidulot sa mga Pentecostal na magpatuloy sa mensaheng Methodist? O anong kabuluhan kaya ang naidulot sa mga Pentecostal na magpatuloy kung kailan ang Nobya ay tinatawag na? Kita n'yo, tayo'y nasa panahon na mismo ng binhi, narito na tayo sa huling panahon. Ngayon, malibang ang isang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, ito'y mananatiling nag-iisa.

25 Gaya nung kritiko, dahil sa nakagawa ako ng mga puna mula nang lumabas ang aklat, marahil meron na kayo niyon dito sa inyong—inyong lungsod, 'yung Aleman na may-akda na nagsulat ng isa sa pinakamapamintas na mga lathalain. Isa siyang ateista. Siyempre hindi . . . Hindi ko siya tinutuligsa dahil sa tinuligsa niya ako nang todo; kundi, dahil sa, bilang isang ateista, ang aklat na 'yon ay hindi dapat nailalagay sa mga istante. At sinabi niya, "Ang isang Dios na kayang ayusin at sabihin na kaya Niyang buksan ang Pulang Dagat at iligtas ang Kanyang mga tao, at saka naupo na ang Kanyang mga kamay ay nakapahalang sa Kanyang tiyan at makita buhat sa simula hanggang sa wakas ng Madilim na Kapanahunan ang mga Cristianong iyon na nilalapa ng mga leon; 'yung mga ina na ang kanilang mga buhok ay pinagbababad sa alkitran, at pinagsasampay sa mga krus at sinunog; at ang kanilang mga sanggol . . . manganganak na mga ina, kanilang biniyak ang tiyan at pinagpustahan kung ano ang kasarian ng bata; at itinakda at hinayaang mangyari iyon; mga taong ipinagpapalagay pa namang mga tagapaglingkod nitong Dios na ito."

26 Alam n'yo, ang Kasulatan ay pagkasi. Hinding-hindi mo magagawang maunawaan ang Kasulatan sa pamamagitan lamang ng pag-upo at pagbabasa Nito mula sa makateolohiyang pananaw, mula sa isang edukadong pananaw; hiding-hindi pa 'yon umubra.

27 Kausap ko ang isang Baptist na ministro hindi pa katagalan, ang sabi niya, "Hanggang sa matutunan natin ang tamang Griyego, hanggang sa tayo . . ."

28 Sabi ko, "Doon sa Konseho ng Nicaea, bago 'yan, sila'y nagtatalu-talo patungkol sa mga salitang Griyego sa Biblia." Hinding-hindi n'yo mauunawaan Ito.

29 Ang Biblia ay ipahahayag sa pamamagitan ng pagkasi. Iyan lang ang tanging bagay, ang kapahayagan. Sinabi ni Jesus kay Pedro, "Sa ibabaw ng batong ito." Itong bato ng kapahayagan ay ipinakikilala kung sino Siya. "Mapalad ka Simon, na anak ni Jonas, hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ang Aking Amang nasa Langit ay ipinahayag ito sa iyo; sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya." Hindi kay Pedro, hindi sa Kanyang Sarili, kundi sa espirituwal na kapahayagan kung sino Siya.

³⁰ At Siya ang Salita! San Juan 1, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.” Mga Hebreo 13:8, “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

³¹ Samakatuwid tayo’y nabubuhay sa panahon kung kailan ang kahayagan ng Salita ng Dios ay kailangang dumating sa ibang kapanahunan kaysa Pentecostal na kapanahunan. At ’yan ay tama. Alalahanin, kayo’y . . . Ako’y isang tao na walang pinag-aralan; pero hindi ninyo madadaig ang kalikasan, dahil ang Dios ay gumaganap sa pagpapatuloy ng kalikasan. Tulad lang ng, gaya ng sabi ko, ang araw ay sumisikat at lumulubog; at nagpapatuloy buong araw, at gaya ng panahon ng eskwela; at namamatay sa gabi, upang muling bumangon kinaumagahan. Ibinababa ng mga puno ang dagta sa panahon ng taglamig, papunta sa mga ugat, at muling bumabalik sa panahon ng tagsibol.

³² Pansinin, inihalintulad Niya Ito sa isang butil ng trigo, ang Nobya, ang dahilan kung bakit ang Dios ay hinayaang maganap ’yan nang ganyan. Iyang mainam, na totoong, tunay na Iglesyang itinatag noong Araw ng Pentecostes, ay lumago nang lumago simula pa noong Araw ng Pentecostes, na isang malaking iglesya, ito’y kinailangang mahulog sa lupa noong Panahon ng Kadiliman at mailibing tulad ng lahat ng mga binhi. Ito’y kinailangang mamatay upang ito’y muling makausbong sa repormasyon. Ito’y umusbong sa katauhan ng isang repormasyon, si Martin Luther. At mula doon, gaya lang din ng tangkay ng trigo na papausbong. Ang unang bagay na umusbong, may dalawang maliliit na mga dahon, pagkatapos ay patuloy itong nagdaragdag ng marami pang mga dahon. Dumating si Martin Luther, at pagkatapos ay si Zwingli, at patuloy hanggang sa dulo, kay Calvin, at habang sila’y nagpapatuloy.

³³ Sa wakas ito’y napupunta sa isang uhay. Ngayon, iyon si John Wesley sa kapanahunan ni Wesley. Ito’y may nahulog pabalik na polen.

³⁴ Mula roon dumating ang kapanahunang Pentecostal, halos magkaparehong-magkapareho, para talagang katulad ng totoong butil ng trigo kung iyong pagmasdan sa tangkay. Ngunit kung kukunin mo ’yang trigo at gagalawin ito paatras, wala ni isang butil man lang sa loob nito, ito’y isang talukap lang na nasa *anyo* ng isang butil. Subalit iniligay ’yan diyan para sa isang layunin, upang lukuban ang butil hanggang sa . . . Kung ang araw ay tamaan ito nang *ganyan*; ito’y papatayin niyon.

³⁵ Ito’y dapat manatili diyan hanggang sa isang takdang panahon, at ang buong Buhay ay iniwan ang talukap (gaya ng

iniwan Nito ang tangkay, iniwan ang polen) iniwan ang talukap at pumapasok sa trigo, at nabubuong muli kagaya nang ito'y nasa ilalim ng lupa.

³⁶ Ngayon, alam nating lahat na kapag ang isang mensahe ay ibinibigay, sa loob ng tatlong taon sila'y bumubuo ng organisasyon. Kapag ginagawa nila 'yan, iyon ay pinapatay nito doon mismo; iyon ang ginawa nito sa panahon ni Luther, dahil iyon ang ginawa nito sa panahon ni Wesley, iyon ang ginawa nito sa panahon ni Alexander Campbell, at ng lahat ng iba pa sa kanila, at iyon ang ginawa nito sa mga araw ng Pentecostal. Tamang-tama! Kita n'yo? Umaabot ka sa kalagayang, ang bawat isa'y nagiging pormal, at lumalabas, at hindi na nila kayang tumanggap ng sariwang kakahayagan. Sila'y nakapirme na; at nandoon na sila, at doon na sila namamatay. At ang Buhay ay nagpapatuloy mula roon, at patuloy pa hanggang sa mabuo ang trigo. At kapag ang trigo ay lumitaw na, ang Buhay na naglakbay doon sa trigong iyon, ang pagkabuhay na mag-uli, ay inilalabas ang buong kaganapan; opo, inihahanda na para sa Pag-agaw.

³⁷ Ngayon, alalahanin, itong Mensahe ay nagpasimula muna sa Banal na pagpapagalang, gumagawa ng mga himala. Ngayon, kung ang Dios ay hinayaan 'yan na magpatuloy sa isang ordinaryong iglesya, kagaya lang ng kung anong meron na tayo, kung gayon hindi sa Dios iyon. Hindi kailangan ng Dios na magpakitang-gilas; hindi Niya—hindi Niya kailangang gawin itong mga bagay, para aliwin tayo, gaya ng nakasanayan na nating mga Amerikano (ang pang-aaliw), kundi Kanyang ginagawa ito para tawagin ang pansin ng mga tao, na Siya'y may inihahandang gawin.

³⁸ Tingnan Siya Mismo nang Siya'y dumating. “Ang kahanga-hangang munting propeta, ang guro, ang propetang taga-Galilea.” Aba, ang Kanyang ministryo ay kamangha-mangha, Siya'y malugod na tinatangap sa bawat iglesya.

³⁹ Ngunit isang araw Siya'y umupo, nagsabi, “Ako at ang Aking Ama ay Iisa.”

⁴⁰ “Oh, naku!” Labas na 'yan. “Layuan n'yo ang ganyang tao!”

⁴¹ “Malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay sa inyong sarili.”

⁴² “Aba, isa Siyang bampira! Lumayo kayo sa ganyang tao!” Kita n'yo?

⁴³ Kita n'yo, may bagay na dapat ay maging kasunod ng tandang iyon. Kita n'yo, may sumunod na bagay.

⁴⁴ Ang talukap ay dinala ito, subalit ngayon ang talukap ay bumibitaw na; ganyan ngang talaga ito. At tandaan, dalawampung taon na ang nakalipas at wala nang mga denominasyon pang sumibol mula dito, at hindi na nga.

Tayo'y nasa katapusan na ng mga denominasyon, ang trigo ay nagkahugis na. Pero ang nangyayari sa trigo ngayon, hindi mo... ito'y dapat na nakabilad sa Presensiya ng Anak, para mahinog, bago pa ito pulutin ng makinang pang-ani at pang-giik.

⁴⁵ Ngayon, ang mga pangyayari na ating nakikitang nagaganap, ito'y lubusang naipakita sa Biblia, sa bawat kapanahunan. Akala natin lahat tayo'y wala sa ayos, ngunit tayo'y hindi, ang lahat ay gumagalaw nang tamang-tama ayon sa Salita ng Dios.

⁴⁶ Ngayon, ang Biblia ay kakaibang aklat kaysa kahit anong ibang banal na aklat. Walang aklat na kahalintulad ng Biblia, dahil ang Biblia ay ang Dios na nasa anyong salita. Kita n'yo? Ito'y... Ang isang salita ay isang kaisipan na binigkas. Ang kaisipan ng Dios ay binigkas Ito, ang Kanyang Mga Salita sa pamamagitan ng mga propeta; at kanilang isinulat ang Biblia, na nasa anyong salita. At si Jesus ay tinawag Itong, "isang Binhi." At kahit anong binhi ay mamumunga ayon kanyang uri kung ito'y nasa tamang kalagayan, nasa tamang kapaligiran. Ngayon, itong Aklat ng... ay isang... Itong Aklat ng propesiya, Ito—iprinopropesiya Nito ang darating na mga pangyayari. Ngayon, ang Aklat ay naglalaman ng buong kapahayagan ni Jesus Cristo. Hindi mo Ito dinadagdagan o kaya'y binabawasan Ito, at bawat kapahayagan ay dapat dumating sa pamamagitan Nito. Kita n'yo, ito'y dapat ang Salita.

⁴⁷ Kaya sasabihin ng mga tao, "Nagkaroon ako ng kapahayagan." Opo, alam nating si Joseph Smith at ang marami pang iba ay nagkaroon ng mga kapahayagan at kung anu-ano pa, ngunit salungat naman sa Salita.

⁴⁸ Dapat itong dumating nang naaayon sa Salita kung ito nga'y nanggaling sa Dios, dahil ito'y para pagtibayin o para patunayan ang Presensiya ng Dios. At Kanyang alam bago pa man ang lahat ng mga bagay na ito, bilang... Sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman Kanyang itinalaga, itinalaga bago pa man (ito'y tinatawag sa Biblia na, "predestinado") bawat panahon sa kanya-kanyang lugar, at bawat tao sa kanya-kanyang lugar, at bawat mensahero sa kanya-kanyang lugar. Siya ay Dios, hindi Siya maisahan ng Diablo. At Siya'y Dios, at Kanyang itinalaga ang lahat ng bagay upang maganap, at nangyayari ang mga ito nang tugmang-tugma ayon sa Kanyang Salita.

⁴⁹ Kaya kung ating makikita, batay sa Kanyang Salita, kung anong kapanahunan at anong panahon na tayo nabubuhay, inyong makikita 'yon dito mismo sa Biblia, ang tungkol sa panahong ito, kung anong inaasahan nating... kung anong inaasahang maganap sa panahong ito.

⁵⁰ Ngayon, ang—ang ibang mga aklat, marami tayong natatagpuang mga aklat na kanilang tinatawag na "banal na

mga aklat,” at kung anu-ano pa. At nabasa ko na ang—ang Koran at marami pang iba. Pero, alam n’yo, ang kanilang—ang kanilang mga banal na aklat ay mga alituntunin lamang ng kagandahang asal, ng moralidad, o kaya’y ng teolohiya.

⁵¹ Subalit itong Aklat ay isang Propeta, Ito’y isang kakaiba kaysa kahit anong aklat. Ang Biblia ay ang Salita ng Dios na iprinopropesiya ang darating. Ito’y nagpropesiya dahil Ito’y nagbabala na bago pa man.

⁵² Kapag ang Dios ay nagpapadala ng anumang bagay, Siya’y nagsasabi at nangako ayon sa Biblia na Siya’y walang gagawin sa mundo hanggang sa maipahayag muna Niya ito sa Kanyang mga lingkod na propeta. Iyan ay Amos 3:7. Siya . . . at ang Dios ay hindi makapagsisinungaling. Kanyang ipinahahayag Ito, dati nang ganyan ang Kanyang pamamaraan sa paggawa niyon sa lahat ng mga kapanahunan. Siya’y hindi pa nagmintis sa paggawa niyon.

⁵³ Ngayon, tayo’y pinangakuan, sa mga huling araw, para ito’y maipanumbalik. Magiging wala—walang iglesya, walang denominasyon, Methodist, Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, hindi nila kailanman (sa kanilang modernong mga kalagayan) kayang dalhin itong iglesya na maging isang Nobya. Hindi nila magagawa ito, sila’y mabibigo. Labis-labis ang pagbabangayan nila sa isa’t isa, at ang pagiging maka-sanlibutan ay gumapang na papasok, at kung anu-ano pa, at—at nangamatay sila sa mismong dinadaan nila. At kaya nga alam ng Dios ‘yan.

⁵⁴ At para maihayag itong Salita, ang isa’y magsasabi, “Aba, meron ako *nito*. At purihin ang Dios, Ito’y *ganyan*.” Iya’y sadyang kung ano ito noon nang si Jesus ay dumating sa unang pagkakataon; bawat isa ay may doktrina, bawat isa ay meron *nito*. Ito’y kinakailangang isang bagay na ipinadala sa atin mula sa Dios. At ang Dios ay ipinangako ito. At ang tanging paraan na Kanyang gagawin, ay—ay panatilihin ang Kanyang gayon ding pamamaraan. Siya’y nangako na isusugo sa atin, sa mga huling araw na ito, ayon sa Malakias 4, ang isang propeta sa ibabaw ng mundo, “Na magpapabalik-loob sa puso ng mga tao, ang mga puso ng mga anak pabalik muli sa apostolikong mga ama.” Ipinangako Niya iyon sa Kanyang Salita. Lucas 17 at marami pang ibang dako na Kanyang ipinangako ito, na Siya . . . kung ano ang Kanyang gagawin sa mga huling araw na ito upang dalhin itong bagay sa isang pinagtibay na Salita.

⁵⁵ Kita n’yo, ang isang tao ay makapagsasabi ng anuman, ngunit liban kung ipaliwanag ng Dios ang Salitang iyan . . . Kita n’yo, ngayon, tayo’y may sariling pagpapaliwanag, sinasabi nating Ito ay nangangahulugang *ganito*. At itong isa, ang Methodist, nagsasabing *ito*, ang Baptist nagsasabing *ito*, ang Pentecostal nagsabing *ito*, ang Oneness nagsasabing *ito*, ang

Twoness nagsasabing *ito*. At, oh, naku, hayan nga kayo. Subalit ang Dios ay hindi nangangailangan ng tagapagpaliwanag, Siya’y ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag. Kanyang ipinapaliwanag ang Sarili Niyang Salita sa pamamagitan ng pagpapatunay Dito sa kapanahunang inilayon Ito, ang kapanahunan kung saan Ito ibinigay.

⁵⁶ Tayo’y hindi nabubuhay sa Pentecostal na kapanahunan, tayo’y nabubuhay sa ibang kapanahunan. Kita n’yo, tayo’y hindi nabubuhay sa Metodistang kapanahunan, tayo’y nabubuhay sa ibang kapanahunan. Tayo’y nabubuhay dito sa itaas ngayon sa kapanahunan ng Nobya, ang pagtawag sa Iglesya at pagtitipon sa mga Ito para sa Pag-agaw. Iyan ang kapanahunan na ating kinabubuhayan sa ngayon. Sa aking tapat na paniniwala iyon ang ganap na Katotohanan.

⁵⁷ At itong Aklat ay isang aklat ng propesiya. Ang mga mananampalataya Nito ay inaatasan na igalang Ito at basahin Ito, at paniwalaan ang May-Akda Nito, dahil bawat Salita na naisulat diyan ay tiyak na mangyayari. Lahat ng ipinangako ay tiyak na mangyayari, sapagkat Ito’y si Jesus Cristo na nasa bawat kapanahunan. Ang siya ring kahapon, ’yon ay si Jesus Cristo, na na kay Noe; si Jesus Cristo ’yon na na kay Moises, si Jesus Cristo ’yon na na kay David, si Jesus Cristo ’yon na na kay Jose; si Jesus Cristo ’yon, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At si Jesus Cristo ’yon sa gitna ng Kanyang mga tao ngayon, na ginagawa ang mga bagay na Kanyang ipinangako na siya Niyang gagawin sa kapanahunang ito. Ito’y si Jesus Cristo.

⁵⁸ Pero ang iglesya ay naging labis nang pormal, napakalayo, gaya ng sinabi ng isang kapatid na lalaki dito. At—at ang ating mga iglesya ay nagiging katulad din ang landas, hanggang sa ating kinailalang magkaroon ng kung ano upang tayo’y mayugyog na bumalik sa Salita. Paano natin nalalamang ito ay gagawin niyon? Ito’y kinakailangang dumating na ayon sa Sariling plano ng Dios. Hindi ito maaaring dumating sa pamamagitan ng pangkaraniwang tao, hindi ito darating sa pamamagitan ng mangangalakal, hindi ito maaaring dumating sa pamamagitan ng mga iglesya. Ang Dios ay naglatag na ng Kanyang plano.

⁵⁹ Ako’y nagsalita dito sa Shreveport nung nakaraang araw, sa isang pambansang pagsasahimpapawid sa buong bansa, iyang, *Nagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Sa Dios Na Wala Ito Sa Kalooban Ng Dios*. Si David sinubukang dalhin ang kaban ng Dios pabalik sa loob ng bahay. Siya’y pinahiran na hari. Aba, siya—sumangguni siya sa kanyang—kanyang mga kinatawan, sa kanyang mga kapitan ng mga libu-libo, at sampung libu-libo, at iba pa. At silang lahat ay nagsabing, “Iyan ang Salita ng Panginoon.” At sumangguni sila sa saserdote, “Iyan ay napakainam.” At silang lahat ay naging labis na inspirado, sila’y

nagsisigaw, ginawa nila ang bawat panrelihiyong gawain na mayroon. At ito'y lubusang lihis sa kalooban ng Dios, sapagkat may propeta sa lupaing iyon na nagngangalang Nathan at siya'y ni hindi man lamang sinangguni tungkol dito. Kita n'yo? At ating nakitang ito'y hindi umubra kahit pa sila'y matapat, nagsisikap gumawa para sa Dios ng isang paglilingkod.

⁶⁰ At ikaw ay maaaring maging napakatapat; ngunit, hanggang sa ating malaman kung ano ang ating ginagawa, ika'y sumusuntok sa hangin. Bumalik doon sa Salita ng Dios at luminya, at saka humayo; saka mo nalalaman. Gaya ng isang—isang kawal, hindi alam ang gagawin hanggang sa siya ay makatanggap ng mga kautusan na gawin ito. Tayo'y dapat maging Cristianong mga kawal, at tumanggap ng mga utos mula sa Biblia para sa panahon ngayon; hindi ang pag-atas kahapon, ang pag-atas nang araw bago pa man, kundi ang pag-atas sa araw na ito (saang landas man tayo magtungo). Alamin ang oras na ating kinabubuhayan.

⁶¹ Itong makabagong mga pangyayari ay lumilipas sa atin nang sadyang napakabilis, at isang araw atin na lamang matutuklasan na tayo'y maiiwanan na walang-wala, at maaabutan, ng pagtatatak ng tanda ng hayop bago pa man natin mamalayan ito.

⁶² Ngayon, at kailangan nating maghintay nang may pagtitiis para dito, dahil ang mga propesiya na ipinangako, bawat isa sa kanila ay dapat matupad sa kanya-kanyang panahon. Sapagkat Ito'y nagpropropesiya sa atin, ang May-Akda ay ginawa na ito noon, at tayo'y naghihintay na makita Siyang gawin itong muli. Anong panahon itong ating kinabubuhayan ngayon! Isang bagay na parang isang—isang kalendaryo; tinitingnan n'yo ang kalendaryo para malaman kung anong araw ng taon na ang kinabubuhayan n'yo, at tumitingin kayo sa Biblia ng Dios upang makita kung anong panahon na ang kinabubuhayan natin. Tayo'y hindi nabubuhay sa loob ng kapanahunang Methodist, ng kapanahunang Baptist. Tayo'y nabubuhay sa kapanahunan ng Nobya, ang pagtawag, pagdadala pabalik sa Dios sa pamamagitan ng isang daluyan na Kanyang ipinangakong pagdadalhan nito pabalik. Siya'y nangakong gagawin ito.

⁶³ Ngunit, kagaya pa rin noon sa bawat kapanahunan, ang sambayanan ay pinahintulutan ang tao na maglagay ng kanilang sariling pagpapaliwanag Dito sa pamamagitan ng teolohiya, at ayaw maniwala sa Banal na pagpapatunay ng Dios tungkol Dito (iyan ay, ang pagpapaliwanag ng Dios); hindi ang kung ano ang aking sinasabi, kung ano ang sinasabi ng kung sino man; kundi kung ano ang ipinangako ng Dios at kung ano ang ginagawa ng Dios, ay nagpapatunay na ang Dios ang gumagawa ng Kanyang Sariling pagpapaliwanag ng Kanyang Salita.

⁶⁴ Kanilang ipinabatid sa inyo na mga Pentecostal, apatnapu't lima, limampung taon na ang nakaraan. Ang inyong mga ina at ama, noong sila'y mga tunay na mga pentecostal, ay nagsilabas sa isang organisasyon at isinumpa ang bagay na 'yon at nagsilabas mula rito. Pagkatapos tulad ng isang asong bumalik sa kanyang isinuka, bumalik mismo doon muli. Ginawa ang gayon ding bagay na pumatay sa iglesyang iyan, pinatay n'yo ang sariling inyo sa pamamagitan ng gayon ding bagay. Walang anumang laban sa mga tao roon, walang anumang laban dito, 'yung mga sistema ng bagay ang siyang gumagawa niyon.

⁶⁵ Tahanan, ako'y . . . uwi . . . Hindi ko ito ipinangangaral sa pagtitipon ng iba. Ipapangaral ko *Ang Landas Ng Serpiyente*, at pakinggan n'yo 'yon kung kukuha kayo ng mga teyp.

⁶⁶ At, pansinin, kanilang nalampasang makita ang pagkumpirma sa mga propesiya ng Salita ng Dios na nagkakaroon na ng kaganapan. Kung ang mga saserdoteng iyon . . . Binuo na nila sa kanilang isipan nang sadyang tamang-tama kung papaano darating ang Mesiyas, alam na nila kung ano ang magaganap. Ang—ang mga Fariseo ay may sarili nilang haka-haka, ang mga Saduceo, ang mga Herodian, at lahat, sila'y may kanya-kanyang haka-haka. Subalit hindi Siya dumating . . . Siya'y dumating na salungat sa bawat isa sa kanila, ngunit tamang-tama naman ayon sa Salita. Sinabi ni Jesus na ang gayon ding bagay ang naririto: “Kung inyong nakilala nga Ako, nakilala na rin sana ninyo ang panahon Ko. Kung inyong nalaman, kayo'y . . . Inyong sinasabi, ‘Aba, si Moises! Nasa amin si Moises.’” Ang sabi, “Aba, kung paniniwalaan n'yo si Moises, paniniwalaan n'yo Ako; sapagkat, siya'y nagsulat patungkol sa Akin.”

⁶⁷ Subalit, kita n'yo, noong kinukumpirma ng Dios nang tamang-tama kung ano ang Kanyang ipinangako, inakala nilang iyon ay isang kung anong marangyang paraan na inaasahang darating si Jesus, at ang . . . ibig kong sabihin ang Mesiyas. Ang Mesiyas ay dapat na dumating mismo sa kanilang grupo at kung hindi ay hindi Siya ang Mesiyas. Buweno, ganyan nga iyon, halos, sa kasalukuyan, “Kung hindi ka tumitingin sa pamamagitan ng aking salamin, ikaw ay talagang hindi na tumitingin.” Kita n'yo, at kaya 'yan ay—sadyang ganyan lang iyon—iyon talaga. Tayo . . . Iyan ang katotohanan. Ayaw nating isipin 'yan, ngunit 'yan ang buong Katotohanan.

⁶⁸ Sa Mga Hebreo 1:1, ang Dios sa iba't ibang panahon ay isinulat ang Biblia ayon sa Kanyang Sariling piniling pamamaraan. Hindi Niya Ito kailanman isinulat sa pamamagitan ng mga teologo, ni hindi rin Siya nagpapaliwanang sa pamamagitan ng mga teologo. Wala pa ni isang pagkakataon na—na ang mga teologo ay nagkaroon ng kapaliwanagan ng Salita ng Dios. Ang kapaliwanagan ay dumarating lamang sa isang propeta. At ang natatanging paraan

na tayo'y makakalabas sa kaguluhang ito ay ang isugo sa atin ng Dios ang propetang iyan, sadyang tamang-tama, ang tanging paraan na magagawa ito. Ito'y pinaniwalaan na, inabangan na, at—at may kaganapan.

⁶⁹ Kita n'yo, Ito'y hindi isinulat ng tao, kundi Ito'y isinulat ng Dios. Hindi Ito isang aklat ng tao, hindi Ito isang aklat ng teologo. Ito'y ang Aklat ng Dios, na isang Aklat ng propesiya na isinulat sa pamamagitan ng mga propeta at ipinaliwanag sa pamamagitan ng mga propeta. Ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta." Talagang-talaga!

⁷⁰ Gaano kagandang naisalarawan iyan, o, naipakita noong si Jesus ay naparito sa mundo, at si Juan ang propeta ng panahong iyon, at siya—siya noo'y nagpropesiya. Sinabi nila, "Oh, ibig mong sabihin sisirain ng Dios itong malalaking mga samahan namin dito at lahat nitong mga bagay-bagay? At may darating na panahon, kung kailan ang ating—ating mga templo ay hindi na pagsasambahan?"

⁷¹ Ang sabi niya, "May darating na panahon kung kailan ang Dios ay mag-aalay ng isang hain mula sa Kordero ng Dios, isang tao." At sinabi niya na—na makikilala niya Siya kapag Siya'y dumating na. At sinabi niya . . . Siya ay talagang nakatitiyak sa kanyang mensahe, sinabi niya, "Siya'y nakatayong kasama ninyo ngayon at hindi ninyo alam ito." Siya'y naririyang kasama ninyo at hindi ninyo alam ito.

⁷² At isang araw nang si Jesus ay lumakad sa labas, si Juan ay tumingala at nakita ang tanda na iyon sa ibabaw Niya, sabi niya, "Narito, ang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Nung mismong sandaling iyon ay nalaman ni Jesus na Siya'y pinatunayan sa harap ng mga tao. Ngayon, Siya ang Salita, atin bang pagdududahan 'yan? Sinabi ng Biblia na Siya ang Salita, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin." At heto nga Siya, ang . . . Heto ang Salita na nasa lupa (masdan! tugmang-tugma!) lumulusong mismo sa tubig patungo sa propeta.

⁷³ Iyan ay tama, ang Salita ay palaging dumarating sa Kanyang propeta. Kaya hindi tayo makakaasang Ito'y darating sa mga teologo. Hindi tayo makakaasang Ito'y darating sa mga denominasyon. Ito'y kinakailangang dumating sa daluyang landas ng Dios na una na Niyang ipinopesiya sa atin, at sa gayong paraan lang Ito laging darating. Ito'y kasusuklaman, lalaitin, itatakwil. Kapag Ito'y dumating na nga, Ito'y itatapon palabas sa isang tabi, at lahat na, ngunit gayon pa man ang Dios ay gagawin pa rin ito. Ito'y itinakwil kay Jesus Cristo, ito'y itinakwil kay Juan, ito'y itinakwil pagdating kay Jeremias, ito'y itinakwil pagdating kay Moises. Ganyan palagi ang pamamaraan. Subalit ang Dios ay patuloy na kumikilos sa

paraan na Kanyang ipinangakong gagawin Niya ito. Siyanga, po, hindi pa Siya nabigong gawin ito sa gayon ding paraan.

⁷⁴ Ang taong nakakita sa pangitain o nakarinig sa Kanyang ting, ay hindi Ito kailanman ganap na naunawaan. Sa maraming pagkakataon hindi niya alam, dahil siya ay isang instrumento lamang ng Dios. Ito’y ang mga kaisipan ng Dios na ipinahahayag sa pamamagitan ng mga labi ng tao; ang isang kaisipan, siyempre, ay isang salitang inihayag. Ang Dios ay gumagawa ng Kanyang Sariling pagpili sa pamamagitan ng Kanyang—Kanyang itinalagang pagpili. Kanyang ginawa ito sa bawat kapanahunan, Kanyang itinalaga ang tao na para sa bawat kapanahunan. Tulad kay Moises, nang kinakailangan niyang tuparin kung ano ang Kanyang sinabi kay Abraham. Si Moises ay ipinanganak na isang magandang bata, hindi niya mapipigilan ang pagiging ganyan. Siya’y ipinanganak na ganyan dahil ipinanganak siya para sa gayong gampanin.

⁷⁵ Kung kaya nga ating nalalaman na ang Dios ay ginagawa ’yan sa bawat kapanahunan. Ang Dios ang gumagawa ng Kanyang sariling pagpili sa pamamagitan ng Kanyang sariling itinadhanang pagpili, pinipili ang Kanyang mga propeta at mga bagay-bagay para sa kapanahunan; inaayos—inaayos ang pagkatao niya, ang kalikasan nung tao, ang pamamaraan nung tao sa pangangaral, sa kanilang kaloob at ang tanging ginagawa niya, ay ang tugunan ang hamon ng panahong iyon. Ang Dios ay nilikha ang taong iyan at isinugo siya. At sa Kanyang sariling kaisipan, tulad ng ipinangaral ko kagabi, tayo’y isang binhi mula sa gene ng Dios. Kanyang alam na ang tao ay mapaparoon sa gayong kapanahunan, bago pa man nagkaroon ng isang molekula, o kaya isang liwanag, o kahit na ano pa mang bagay dito sa mundo.

⁷⁶ Sapagkat ikaw ay isang gene ng iyong ama, at ikaw ay nasa iyong ama, ngunit ang iyong ama ay walang pakikipaghalubilo sa iyo sapagkat siya. . . Ikaw ay nandoon sa loob, pero hindi mo alam iyon at siya ay hindi rin alam iyon, ngunit ikaw ay lumitaw para ikaw ay. . . nang sa gayon ay maaari ka niyang makasalamuha. At ikaw bilang ipinanganak na muli, ika’y ipinanganak mula sa Buhay na Walang Hanggan. At iyon lang ang nag-iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at ’yon ang Buhay ng Dios. *Zoe*, ang Griyegong salita ay “*Zoe*,” nag-iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan.

⁷⁷ Samakatwid kung ikaw ay anak na lalaki ng Dios o kaya anak na babae ng Dios, ikaw ay nasa sa Dios sa lahat ng oras. Ngunit alam Niya kung anong palabinhian at panahon na ikaw ay itanim. Kaya ngayon ikaw ay ginawang isang nilalang, isang anak ng Dios, nahayag na lalaki o babaeng anak ng Dios upang tugunin ang hamon ng oras na ito upang patunayan ang totoo at buhay na Dios ng panahong ito, ang Mensahe na paparating sa panahong ito. Iyan ay tama! Ikaw ay tapos na doon

bago pa man ang pagkakatatag ng mundo. Kung hindi ito . . . Kung ikaw ay hindi pinili sa ganyang paraan, kahit gaano mo pa piliting gayahin Ito, kailanma'y hindi mo magagawa 'yon. Papaano ka makakakuha ng dugo mula sa singkamas kung wala namang dugo diyen sa loob?

⁷⁸ Iyan ang dahilan kaya sinisikap kong sabihin ang tungkol . . . Ang mga tao ay iniisip na tayo ay . . . ating tinutuligsa ang mga babae tungkol sa maikling buhok, at ang mga tao'y sinasabihan ako tungkol sa pagsasalita ng ganung mga bagay, "Sisirain mo ang iyong ministeryo." Sirain ang isang ministeryo na ang Dios Mismo ang nagtalaga? Malayo nawang magkagano'n! At kapag ang mga tao'y narinig ang Salita ng Dios . . . Kapag ang isang sanggol ay dinadala sa sinapupunan ng isang ina, kapag ang isang selulang iyan ay pumasok doon sa loob, isa na namang selula ang mabubuo sa ibabaw niyan. Hindi ito isang selula ng isang tao, kasunod ang sa aso, at kasunod ang sa pusa, at ang kasunod ay kung ano pa; iyon ay ganap, tuwiran, na tao. At kung ang tao ay ipinanganak ng Espiritu ng Dios, siya'y hindi nagpapasok ng kung anu-anong bagay sa kanyang buhay, Ito'y ang dalisay na Salita ng Dios na pinatunayan ukol sa panahon na 'yan. Kanyang tinatanggap ang buong Salita ng Dios, hindi siya naglalagay ng mga kredo, wala kahit ano mang halo Dito. Ito'y talagang dalisay, na Salita ng Dios na nahayag sa ating kalagitnaan.

⁷⁹ Tingnan sa Biblia, nakikita ninyo kung saan, anong kapanahunan ang ating kinabubuhayan kung gayon, kapag nakikita ninyo itong dakilang mga bagay na nahahayag. Kapag ang Dios ay nangakong gawin ito, lagi Niyang ginagawa ito sa dulo ng bawat kapanahunan kung kailan ang iglesya ay humahantong sa pagtalikod, at tumalikod na sa Salita pabalik sa kasalanan at kamunduhan. Ang kamunduhan ay kasalanan. Ang sabi ng Biblia, "Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Dios ay wala man lang sa iyo."

⁸⁰ Sa pagsasalita kagabi, ako'y nagsasalita tungkol sa—sa hain na inialay, ang Kordero. Ito'y dapat na pitong araw, na kumakatawan sa pitong kapanahunan ng iglesya. Dapat walang anumang lebadurang matatagpuan sa gitna ng mga tao, walang lebadura sa loob ng pitong araw. Ibig sabihin niyan na walang maaaring ihalo Dito, Ito'y walang lebadura, palagi. At ayaw natin ng mga kredo, mga lebadura at bagay-bagay na ihalo sa atin. Ayaw natin ang kamunduhan na ihalo sa atin. Ang kailangan dapat ay ang walang lebadura na Tinapay ng Dios, ang Salita ng Dios, ang walang halong Salita ng Dios, na, "Ang tao ay mabubuhay sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Dios."

⁸¹ Ang ating makadenominasyong mga sistema, at mga hidwaan at mga bagay-bagay, ay nakapaglagay ng lebadura sa atin, at ng *ganito* at *ganyan* at kamunduhan at usong pananamit.

At, oh, ito'y naging labis na parang Hollywood na kahit saan. Ito sa huli'y hahantong hanggang sa maging katulad na ng Inglatera, na pati ang pagtawag sa dambana ay mapapahiya. Naku! Gaya ng sinabi ng kapatid na lalaki, "Papaano mo maisasakay ang isda sa bangka?" Tama 'yan.

⁸² Kailangan nating maipangaral ang Ebanghelyo sa kabuuan Nito, na may kapangyarihan ng Dios upang pagtibayin iyan ayon sa pangako sa kapanahunang iyon at patunayan na 'yan ang siyang ganap na kalooban ng Dios. Sa labas Niyan ikaw ay isang kasapi lamang ng iglesya, kahit na ano pang pagsisikap ang gawin mo, pinipilit mong gumawa sa Dios ng isang paglilingkod. Ikaw ay maaaring nagpupunta sa mga sosyalang pang-panahian, ikaw ay maaaring laging napakatapat sa iglesya; ngunit maliban kung ang binhi ng Walang Hanggang Buhay ay pauna nang itinalaga sa loob mo, na maging anak na lalaki o anak na babae ng Dios, ikaw ay tutubo na isang may kung anong diperensiya; pero hindi kailanman magiging isang totoong, tunay na anak na lalaki o anak na babae ng Dios.

⁸³ Madalas ikinukuwento ko ang tungkol sa isang inakay na agila. Kung papaano pinalimlim ng magsasaka ang inahing manok isang beses, at siya'y nag. . . Sana hindi ito magmukha sa inyo na parang walang pakundangan sa mga sagradong bagay. Ngunit isang magsasaka ang nagpalimlim ng isang inahin, at ito'y. . . nagkulang ng isang itlog doon sa paglilimliman. Hindi ko tiyak kung meron ditong nakakaalam kung ano ang pagpapalimlim ng mga itlog, kung ilan ang bilang nito. Subalit, gayon pa man, siya'y kulang ng isang itlog, hindi nagkaroon ng sapat. Kaya kanyang ninakawan ang pugad ng agila, ito'y merong dalawang itlog. At kanyang inilagay ang itlog sa ilalim ng inahing manok.

⁸⁴ Nang mapisa ang agilang iyon sa gitna nilang lahat na mga manok, siya'y isang kakatwang ibon. Hindi niya maunawaan ang pagkurok ng inahing manok, hindi nagsasalita ng kagaya sa kanya. . . tulad ng kanyang nais na marinig itong magsalita. At nangangahig ito sa bakuran ng kamalig, at kumakain mula sa bakuran ng kamalig, iyon ay pagkain na hindi para sa kanya. Siya'y isang pangit na sisiw sa gitna nila. Ang inahin ay kukurok at hindi niya maunawaan iyon. Ito'y magpupunta banda rito at kakain *nito* at kakain *niyan*, hindi niya nauunawaan iyon. Kaya isang araw ang kanyang mammy, o nanay, ibig kong sabihin, sa inyo. Ako. . . Sa Timog ang tawag namin ay "Mammy."

⁸⁵ Kaya, ano't ano man, siya. . . ang kanyang—ang kanyang—ang kanyang ina ay alam na siya ay may dalawang itlog, at isa lamang ang naroroon, hinanap niya ang isa pa. Kanyang inikutan ang bawat. . . tumawid sa lalawigan, at sa wakas siya'y lumipad doon sa bakuran ng kamalig. Nakita niya siya doon sa ibaba na sumusunod sa matandang inahing manok na iyon. Siya'y sumigaw, "Anak! Ikaw ay hindi isang manok, ikaw ay

isang agila!” Iyon ay parang sadyang tama sa pandinig niya. Bakit? Siya’y isang agila sa simula pa lamang.

⁸⁶ At kapag ang isang lalaki o babae ay nailagay sa ilalim ng mga kredo at malamig, at pormal na relihiyon, kung siya’y naitalagang maging isang anak ng Dios, at kanyang nakikita ang Salita ng Dios na ipinapangaral sa kapangyarihan Nito, at ang Dios pinatutunayan Ito; siya’y isang agila sa simula pa lang, siya’y tatakbo papunta Rito na kasing tiyak ng ang dalawang dalawa ay apat. Hindi niya iyon mapipigilan, dahil ang kanyang mismong kalikasan ay umiibig sa Salita ng Dios. Wala akong pakialam kung ano ang sinasabi ng sinuman, kapag nakikita niya ang Salita ng Dios na nahahayag, siya’y lumilipad patungo Rito dahil siya’y isang munting agila.

⁸⁷ Samantalang sila’y patuloy na nagsasabi, kanyang sinabi, “Inay, papaano po ba ako makakaangat mula dito?”

⁸⁸ At sinabi Niya, “Basta tumalon ka lang, sasaluhin kita.”

⁸⁹ Iyan lang ang tanging bagay na kailangan mong gawin, ay ang gumawa ng isang pagtalon sa iyong mga paa, isang pagtalon papunta sa Dios, isang pangako, “Panginoong Jesus, ako’y sumasampalataya sa Iyo nang buong puso ko. Ako’y naniniwala sa Mensahe ng takdang panahon. Nakikita ko Itong pinatunayan, at alam kong Ito’y tama.” Tumalon sa iyong mga paa, sasaluhin ka ni Inay. Huwag mag-alala, isa kang agila, siya’y paroroon mismo upang kunin ka.

⁹⁰ Ngayon, ating napagtatanto na tayo’y nabubuhay sa isang napakatinding panahon at isang nakamamanghang panahon, subalit kapag ang mga katotohanan nitong Biblia, ang mga mananampalataya ay nakita itong napatunayan, ang pinaka pagpapatunay Nito ay ang katibayan na ang Dios ay Nandito. Talagang-talaga! Sa ganoon iyon na ang pangakong Salita, na ipinangako ng Dios, ay naipakilala. Ang binhi ay sumibol na, at nakikita nila Ito at sila’y pinaniniwalaan Ito. Ang iba ay talagang hindi Ito makita, marahil kahit papaano sila’y uupo at titingnan Ito.

⁹¹ Alam ninyo, ako’y nakapangaral na nang matindi para—para . . . sa bawat panig nitong bansa, na hindi nararapat ang may isang maiksing buhok na babae sa bansa. Pero, sa tuwina, kapag ako’y bumalik, lalo pang dumarami. Ano ba ang nangyayari? Mayroong mali! Alam ninyong sinasabi ’yan ng Salita! Sasabihin ninyo, “Aba, ’yan ay wala namang nagagawang pagkakaiba.” May nagagawa itong pagkakaiba!

⁹² May isang butihing kapatirang lalaki, ang sabi, “Ako’y magpapatong ng mga kamay sa iyo, Kapatid na Branham. Mahal kita. Sinisira mo ang iyong ministeryo.” Ang sabi, “Hindi mo trabaho ang pagsabihan silang mga kababaihan ng tungkol diyan.” Sabi, “Hayaan mo nang mga ministro ang gumawa niyan.”

⁹³ Ang sabi ko, “Hindi naman nila ginagawa ‘yon.” Sabi ko, “Ngayon. . .”

⁹⁴ Sabi niya, “Aba, wala ka nang pakialam doon, magdasal ka na lang para sa mga maysakit.”

⁹⁵ Sabi ko, “Sino’ng may pakialam doon, kung gano’n? Tinawag ako para ipangaral ang Ebanghelyo.”

⁹⁶ Ang sabi, “Ipatatong ko ang mga kamay ko sa iyo at hihilingin sa Dios na tanggalin ito, kung gano’n.”

⁹⁷ Ang sabi ko, “Hayaan mo—hayaan mo akong magpatong ng mga kamay ko sa iyo, rin.” Kita n’yo? At sinabi ko, “Ako’y mananalangin na buksan ng Dios ang iyong mga mata at makikita mo Ito.” Kaya nga, tama ‘yan!

⁹⁸ Sabi niya, “Dapat mong ipangaral. . . Ang mga tao’y naniniwala sa iyo bilang isang lingkod, isang propeta ng Dios.” Sabi niya, “Dapat mong turuan silang mga kababaihan kung paano maka—makatanggap ng kamangha-manghang mga kaloob at magpropesiya at iba pang mga bagay-bagay.”

⁹⁹ Sinabi ko, “Paano ko sila matuturuan ng algebra samantalang ni ayaw nga nilang paniwalaan ang kanilang ABAKADA, muna?” Kita n’yo? Tama ‘yan. Kaya hindi mo magagawa ‘yon. Sadyang ganyan sa bawat. . . Tama ‘yan. Kung hindi mo magawa ang karaniwang mga bagay, paano mo gagawin ang espiritwal na mga bagay? Ang likas na mga bagay. Tiyak nga! Kapatid na lalaki, kapatid na babae, maaaring ito’y parang isang biro, pero Ito ang Ebanghelyo! Ito ang Ebanghelyo ng Katotohanan. Tama ‘yan!

¹⁰⁰ Pansinin, ating nakikita ngayon na ang mga tao. . . Napakaraming mga tao ang sadyang di mapaniwalaan Ito, maging ng mga taong puspos ng Espiritu. Bibigyan ko kayo ng isang babara diyen sa inyo. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay hindi nangangahulugan na ikaw ay makakapasok, hindi talaga, hindi sa ganyan, wala kahit anumang katiting na kaugnayan sa iyong kaluluwa. Iyan ang bautismo, kita n’yo. Heto ang nasa loob na kaluluwa, sa loob *dito*, na dapat manggaling mula sa Dios. Ngunit gayunman sa labas ay meron kang limang pandama, at limang labas. . . mga pasukan sa iyong. . . pang-ugnay sa iyong panlupang tahanan. Ang panloob, ikaw ay may espiritu, at sa loob diyen ay meron kang limang labasan: ang iyong budhi, at pag-ibig, at iba pa, limang labasan para sa espiritung ‘yan. Alalahanin, sa espiritung iyan ay maaari kang mabautismuhan ng tunay na Espiritu ng Dios at mapahamak pa rin. Ang kaluluwa ang siyang nabubuhay, ang itinalaga ng Dios.

¹⁰¹ Hindi ba’t sinabi ni Jesus, “Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon, at sasabihin, ‘Panginoon, hindi ba’t ako’y nagpalayas ng mga diablo, gumawa ng maraming, kamangha-manghang mga gawa, nagpropesiya, ang kamangha-manghang mga kaloob ng Dios?’” Kanyang sinabi, “Magsilayo kayo sa Akin,

kayong manggagawa ng katampalasanan, kailanma'y ni hindi Ko kayo nangakilala. Marami ang lalapit sa araw na iyon."

102 Hindi ba't si Caifas ay nagpropesiya? Siya ay isang diablo. Natuklasan natin doon. . . At silang mga saserdote, silang mga kilalang tao, ay dapat sanang mga dakilang pinuno noong mga panahong iyon, na may pagpapakumbaba at lahat-lahat na, subalit nabigong makita ang Mismong Salita ng Dios na nahayag sa kanilang harapan.

103 Tayo'y makakakuha pa ng isang pangkat ng mga ito na naitala ko dito. Paano ang tungkol naman kay Balaam? Siya ay isang . . . Sasabihin mo, "Ang Dios ay nagbabago ng Kanyang isip." Siya'y hindi nagbabago ng Kanyang isip!

104 Noong si Balaam ay lumabas bilang isang propeta, at tumungo roon, isang obispo, mangangaral, kung ano man ang gusto n'yong itawag sa kanya, siya'y isang dakilang tao. Ngunit nang kanyang konsultahin ang Dios tungkol sa pagbaba roon at pagsumpa sa Israel; ayaw niya sa kanila sa simula pa lang. Kaya nang siya'y magpaalam na tutuloy, ang sabi ng Dios, "Huwag kang tumuloy!"

105 Pagkatapos ay nagpadala sila ng isang mataas na pinuno, isang pangkat, ng kung anong mga obispo siguro o kaya mga presbiteryo, o kung ano man, pababa, ilang may higit na pinag-aralan, para hikayatin siya. Siya'y bumalik at muling tinanong ang Dios. Hindi mo kailangang tanungin ang Dios sa pangalawang pagkakataon! Kapag ang Dios ay sinabi ito sa una, 'yon na Iyon! Hindi mo na kailangang maghintay ng kahit ano pa.

106 Si Rebekah ay hindi naghintay para tanggapin ang pangalawang utos. Tinanong nila siya, ang sabi, "Sasama ka ba?"

107 "Hayaang siya ang magsabi."

108 Ang sabi niya, "Sasama po ako!" Siya'y matatag na kinasihan ng Dios. Siya'y naging isa sa mga reyna ng Biblia sa pagtugon sa pintig ng Espiritu ng Dios na nag-udyok sa kanya na tanggapin ang kung ano ang lubusang katotohanan, at kanyang pinaniwalaan ito.

109 Ngayon ating nalaman, si Balaam, mangyari pa, hindi niya makita. Siya'y lumabas at tiningnan ang mga tao, ang sabi, "Ngayon, sandali lang! Tayo'y isang tinitingala't, kilalang mga tao sa taas dito, kayo'y isang nakakalat na pangkat ng mga tao lang." Nakita n'yo? "At tayong lahat—tayong lahat ay naniniwala sa iisang Dios."

110 Tootoo 'yan. Silang lahat ay naniniwala sa iisang Dios. Silang lahat ay sinasamba si Jehovah. Masdan ang hain ni Balaam: pitong dambana, ang sakdal na numero ng Dios; ang pitong iglesya, kita n'yo; pitong lalaking tupa, nagpapahayag ng

pagdating ng Panginoon. Sa pagkapundamental, siya'y kasing pundamental ni Moises noon; pero, alam n'yo, walang maka-Langit na pagpapatunay. Doon, pareho silang mga propeta.

¹¹¹ Subalit sa ilalim ng ministeryo ni Moises, may supernatural na Haliging Apoy, isang Liwanag na nakabantay sa kampo. May Banal na pagpapagaling, may sigaw ng Hari sa loob ng kampo, mga dakilang tanda, Banal na pagpapagaling, at mga kababalaghan at mga bagay na isinasagawa sa kanilang kalagitnaan. Iyon ay tanda ng isang buhay na Dios sa gitna ng Kanyang bayan.

¹¹² Sa pagkapundamental, sila'y parehong tama. At pinilit hikayatin ni Balaam ang mga tao, at inakit silang sumama rito. Kailan? Kaunting panahon na lang bago sila makarating sa Lupang Pangako. Isang araw pa o kaya'y dalawa, sila'y nasa Lupang Pangako na sana.

¹¹³ Pero ngayon nangangamba ako... Ito'y isang mabigat na salita para bitawan, isa sa mga araw na ito'y mababaril ako dahil Dito. Pero tandaan n'yo ito, na, ang mga iglesya ay inakit nitong Konsehong Ekumenikal, kayo'y dinadala nito mismo papasok rito, upang sabihing "Kayo'y iisang grupo." Kayo'y hindi iisang grupo! Magsilabas kayo mula sa mga ganyang bagay at humiwalay! Tiyak nga, totoo Iyon. Dapat tayong lumayo mula sa ganyang bagay, sa pinakamalayo na inyong makakaya mula riyon.

¹¹⁴ Sinabi ni Balaam, "Tayo'y... payagan natin ang ating mga anak na magkapangasawahan dahil, kung tutuusin naman, tayo'y naniniwala sa iisang Dios."

¹¹⁵ "Paano makakalakad ang dalawa na magkasama malibang sila'y magkasundo?" Paano ka makakalakad kasama ang Dios malibang ikaw ay sang-ayon sa Kanyang Salita? Paano mo madaragdagan ng mga kredo at kung anu-ano pa Ito, kung ikaw ay itinalaga na hindi gawin ito, o kaya'y, inatasan na huwag gawin ito. Hindi mo magagawa 'yon. Walang anumang paraan para magawa ito, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Hindi mo maihahalo 'yang lebadura sa walang lebadura. Ang langis at tubig ay hindi maghahalo. Ang kadiliman at liwanag ay hindi maghahalo. Ang liwanag ay higit na napakalakas, sadyang inaalis nito ang kadiliman.

¹¹⁶ At kaya hindi natin 'yon mapaghahalo. Ni hindi mo rin mapaghahalo ang kasalanan at ang mundo. Hindi mo mapaghahalo ang Iglesya at ang denominasyon. Hindi mo mapaghahalo ang Iglesya at ang kredo. Hindi mo mapaghahalo ang sanlibutan at ang Ebanghelyo. Ito'y hindi maghahalo! "Lumabas kayo sa kanila, humiwalay kayo," ang sabi ng Dios, "Tatanggapin Ko kayo sa Aking Sarili. Kayo'y magiging Aking mga anak na lalaki at anak na babae, Ako'y magiging Dios sa inyo." Hindi natin kailanman magagawa iyon hanggang sa

mahayag ang mga bagay na ito, at ang Salita ng Dios para sa takdang panahon ay pinatunayan bilang siyang Katotohanan. Sumunod sa bakas.

¹¹⁷ Pentecostes, 'yan ang dahilan kung bakit si Luther ay hindi na gumana ang kanyang mensahe. Ganyan kung paanong si Wesley ay hindi na gumana ang kanyang mensahe. Kita n'yo, kung ang iglesyang Wesleyan ay nagpatuloy, sila'y naging mga Pentecostal na sana. Kung ang mga Lutheran ay nagpatuloy, sila'y naging mga Methodist na sana. Kita n'yo? Ngayon kung ang mga Pentecostal ay magpapatuloy, ito ay magiging siyang Nobya. Kung kayo ay magpapaka-urong-sulong at patuloy sa pagbalik sa kamunduhan katulad ng inyong tinutungo ngayon, kayo ay mapapahamak! Tanging ang talukap lamang, at ang tangkay ay susunugin. Alam natin 'yan. Kanyang titipunin ang Kanyang trigo sa loob ng kamalig. Ngunit ang mga talukap Kanyang susunugin sa hindi namamatay na apoy, kahit na ito'y isang tagadala. Tiyak na Ito'y dinala nito. Subalit ang Buhay ay umalis dito sa oras na ito'y naging dahon, ito'y nagpatuloy na lumabas upang gumawa ng iba pa hanggang sa dumating ito sa kanyang kabuuang kaanyuan.

¹¹⁸ At sa ganoon din na ang Iglesya ay dadaan sa Pag-aaring ganap, Pagbabanal, Bautismo ng Banal na Espiritu (pagpapanumbalik ng mga kaloob), tuluy-tuloy hanggang sa hinubog na wangis ni Cristo. Si Cristo ang Nobyo, ang Iglesya ang Nobya, at ang Nobya ay bahagi ng Nobyo. Ito'y kailangang magiging isang Iglesyang Salita, hindi isang makadenominasyong Iglesya. Ito'y magiging ang Iglesyang Salita, ang Salitang ipinahayag, at sa pamamagitan ng pinatunayang Salita ng Dios.

¹¹⁹ Si Balaam, hindi niya makita ang pagkakaiba. Marami ang hindi.

¹²⁰ Hindi Ito makita ng Faraon, kahit na Ito'y napatunayan na mismo sa kanyang harapan.

¹²¹ Hindi Ito makita ni Dathan. Si Dathan ay lumabas doon, at kanyang nakita si Moises at nakilala. Siya'y lumabas doon, ang sabi, "Inaakala mong tanging ikaw lang ang nag-iisa sa grupo. Ang buong kongregasyon ay banal!" Ang Dios ay hindi kailanman nakipag-ugnayan nang gaya niyan. Dapat mas alam niya 'yan. At sinabi niya, "Aba, ang buong kongregasyon ay banal. Pinipilit mong gawin ang iyong sarili bilang . . ." Kung sasabihin natin ito sa ngayon, sa salitang kanto, "Ang tanging bato sa dalampasigan."

¹²² At alam ni Moises na isinugo siya doon ng Dios para diyan. Sinabi niya lang, "Panginoon . . ." nagpatirapa sa—sa may pintuan ng tabernakulo.

¹²³ At sinabi ng Dios, "Thiwalay mo ang iyong sarili mula sa kanya." At Kanyang nilulon sila.

¹²⁴ At alalahanin, ang kasalanang ginawa ng Israel (sa pamamagitan ng pagsasabi ni Balaam na, “Silang lahat ay iisa.”), ang kasalanang iyan ay hindi kailanman pinatawad sa Israel. At tingnan n’yo, hayaan n’yo akong bigyan kayo ng kapansin-pansin na bilang; magmula sa dalawang milyon na umalis sa Ehipto, dalawa sa kanila ang nagpunta sa Lupang Pangako. Bawat isa sa kanila ay kumain ng katulad ding pagkain, silang lahat ay nagsasayaw sa Espiritu, silang lahat ay may pare-parehong mga bagay; ngunit pagdating sa oras ng paghihiwalay, ang Salita ang gumawa ng paghihiwalay. Ganun din ito sa ngayon! Ang Salita ang gumawa ng paghihiwalay! Pagdating sa oras, sinabi niya, “Aba, dito, tayo’y . . .”

¹²⁵ Halos parehong-pareho, tingnan n’yo, ang sabi ng Biblia, “Sa huling mga araw ang dalawang espiritu,” Mateo 24:24, “ay magiging halos parehong-pareho, ililigaw nito maging ang mga Hinirang kung maaari.” Iyang talukap ay talagang hawig na hawig sa trigo, subalit hindi ito ang trigo. Kita n’yo? Ito’y hindi ang trigo, ngunit ito’y kahawig na kahawig talaga nito. Kita n’yo? Halos parehong-pareho, maililigaw nito maging ang mga Hinirang. Kayo’y nagdenomina at nahulog patungo sa denominasyon na ’yan, at natuyo at namatay, at ang trigo ay nagpatuloy palabas doon sa . . . Kita n’yo? Iyon ay talagang tama! Ito ay isang tagadala, pero hindi ang siyang trigo.

¹²⁶ Alalahanin, ang trigo ay patuloy lang sa pag-usad. Sa pagkabuhay na mag-uli ang lahat ng lakas na ’yan ng trigo ay aakyat mismo doon na sa trigo, habang ito’y patungo sa pagbuo ng ulo, upang lumabas sa kamangha-manghang pagkabuhay na mag-uli.

Hindi kailanman pinatawad!

¹²⁷ Tayo’y tumigil dito sandali. Sana hindi ko kayo nababara. Ngunit, tingnan n’yo, may itatanong ako sa inyo. Talakayin lang natin ’yan. Sabihin, halimbawa, itong bilang ay magiging tama. Kapag ang binhi mula sa lalaki at babae ay nagtagpo, kung alam n’yo na ’yung mga test tube o kaya—o kaya ang pagha-hybrid at kung ano pa ng mga baka, inyong makikita na ang lumalabas mula sa lalaki ay naglalabas ng mga isang milyong punlay. At ang lumalabas sa babae ay naglalabas ng isang milyong itlog. Subalit alam ba ninyo na mayroon lamang isa sa kanila na maaaring mabuo? Silang mga mumunting guya, o ano man kaya sila, sa milyun-milyong mga punlay na ito, isang milyong punlay, meron diyan na isang munting punlay na magpupursige sa gitna ng lahat ng iba pang mga punlay na iyon at tutuloy doon at hahanapin ’yung itlog na maaaring mabuo at papasok sa loob nito, at ang lahat ng iba pa sa kanila ay mamamatay. Ang isa sa kanila ay itinalagang mabuhay, ang iba’y hindi, kahit silang lahat ay magkakatulad. Isa sa isang milyon!

128 Paano kung magiging ganyan ang paraan ngayong gabi? Mayroong limandaang milyon, na nararapat sana, palagay ko, na mga Cristiano sa mundo, mga nasa ganyang bilang, isang buong bilang lang. Kung ang pag-agaw ay darating ngayong gabi kung gano'n, sa mga buhay na aalis, mayroon lamang limandaang tao. Aba, marami diyang mga nawawala anumang araw, halos, na hindi nila nabibilang. Ang Nobya ay aagawin na at tayo'y magtataka kung tungkol saan ang lahat ng ito; at ang mga tao'y patuloy pa rin sa pangangaral, nagsasabing kanilang "nakukuha ito, at *iyon*, at ang *iba*." At tingnan kung anong panlilinlang iyon. Sabihing kung ito'y magiging ganyan nga; hindi ko sinasabing 'yan 'yon, hindi ko alam, ako'y hindi dalubhasa patungkol diyan. Ang Dios ang Tagahatol niyan. Subalit masdan kung gaano kadali itong mangyari, sa lahat ng mga bilang at mga bagay, kung papaano ito mapapatunayan.

129 Bakit hindi ni Korah nakita Iyan? Bakit hindi ni Dathan nakita Iyan?

130 Bakit hindi ni Ahab nakita Ito? Nang si Ahab . . . Nang si Jehosaphat ay pumunta doon kay Ahab, sinabi niya, "Ahab, lagot tayo. Alam mo ba ibinigay ng Dios sa atin ang lupang ito, si Josue pinaghahati ito? Alam mo ba itong kapiroso ng lupa dito na inagaw ng mga taga-Siria, hindi ba atin ang lupaing 'yon?"

"Oo!"

131 "Nagugutom ang ating mga anak, at ang mga taga-Siria (ang ating kaaway) ay pinapakain ang kanilang mga anak, binubusog ang kanilang mga tiyan ng trigo na dapat ay sa atin." Iyan ay tama batay sa kasulatan. Ang sabi, "Maaari mo ba akong tulungang magpunta doon at kunin iyon?"

132 Ngayon, kung minsan bibigay ang isang mabuting tao sa ilalim ng impluwensiya ng kasamaan. Mabuti pa'y magbantay, iglesya, magbantay nang maigi.

133 Ngayon, ang unang bagay na malaman mo, si Jehosaphat, bilang isang dakilang relihiyosong tao, sinabi niya, "Buweno, tayo'y dapat pumunta doon, siyempre, sa ating iglesya, tayong lahat ay magkakatulad na mga tao." Subalit sila'y hindi magkakatulad na mga tao! Hindi! Sabi niya, "Buweno, ang aming iglesya ay inyong iglesya, ang aming mga tao ay inyong mga tao. Sigurado, sasama kami," sabi niya, "pero tayo'y sumanguni muna sa Panginoon."

134 Kaya sinabi niya, O Ahab, "Walang duda, inisip na dapat natin ang tungkol diyan. Buweno, tayo'y . . ."

135 "Mayroon ba diyan na propeta ng Panginoon?"

136 Sinabi, "Ako'y may seminaryong puno ng mga iyon. Ako'y mayroong apat na raan dito, ang pinakamagagalang na mayroon. Lahat sila'y nagtapos ng kanilang Ph.D., L.L.D., ng kanilang dobleng L.D.'s, at lahat ng anuman na kasama niyon. Sila'y

bawat isa . . .” Ngayon alalahanin, sila’y mga propetang *Hebreo*, mula sa isang paaralan ng mga propeta.

137 Ang sabi, “Dalhin sila dito, pakinggan natin sila.”

138 Ngayon, palagay ko si Zedekiah iyon (ang dakilang namiminuno sa obispo, sa kanilang lahat) na pumunta doon, at siya ay mayroong inspirasyon. Siya’y mayroong inspirasyon, talagang-talaga. Siya’y pumunta doon, at gumawa para sa kanyang sarili ng dalawang malalaking bakal na mga sungay. Sabi niya, “Alam mo, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Iyong kukunin itong mga sungay at ganap na itataboy ang mga taga-Siria palabas ng bansa.’”

139 Buweno, lahat ng iba pa sa kanila ay nagpropesiya, “Iyan ay talagang tumpak!” Bawat isa sa kanila, ang buong seminaryo, nagkakasundo. Kita n’yo?

140 Sinabi ni Ahab, “Nakita mo?”

141 Si Jehosaphat, na medyo may pagka-espirituwal, alam ninyo, hindi pa siya natuyuang ganap, sabi niya, “Pero wala na bang iba pa sa kung saan man, na maaari nating pagsanggunian?”

142 “Para ano pa’t kailangan mo pang sumangguni sa iba, samantalang ang buong Ekumenikal (ang buong konseho), ito’y nagsasabing ‘Iyon ay mainam?’” (Pasensiya na, kita n’yo.) “Sinabi ng buong samahan, ‘Iyan ang dapat nating gawin.’” Kita n’yo? “Iyan ang dapat nating gawin.”

143 Sinabi niya, “Pero wala na bang iba pa diyan sa kung saan?” Iyang kakaibang isa, alam n’yo na.

144 Sabi niya, “Oo, mayroon nga. Mayroong isa, si Micaya na anak ni Imla, pero galit ako sa kanya.” Palagi namang ganoon. “Ako’y galit sa kanya dahil palagi na lang niyang sinisigawan ang ating mga tao, at sinusumpa ako, at sinasabi sa akin ang lahat ng kasamaan tungkol sa akin. Ako’y galit sa taong ’yon!”

145 Sinabi, “Ah, huwag magsalita ng ganyan ang hari.” Sinabi, “Humayo at kunin siya.”

146 Kaya sila’y pumunta doon sa anak ni Imla, ilan sa mga—mga obispo, o, ilan sa mga matatanda, at nagpunta doon, ang sabi, “Ngayon, makinig ka, gusto mo bang makabalik pa sa samahan uli? Sabihin mo ang gayon ding bagay na kanilang sinasabi, ibabalik ka nila.”

147 Subalit nagkataong ang Dios ay may isang tao na hindi nila kayang hawakan; ang Dios ang may hawak sa kanya. Siya ay tagapag-aninag lang ng Katotohanan ng Dios. Ang sabi, “Tiyak,” sabi, “bababa ako, pero sasabihin ko kung ano lang ang ilalagay ng Dios sa aking bibig.” Hayan ang tao ng Dios. Kanyang sinabi, “Bigyan n’yo ako ng isang gabi.” Kaya ang gabi ay dumating, at ang Panginoon ay nangusap sa propeta, maliit na hindi kilala. At unang bagay alam n’yo, siya’y lumabas kinabukasan ng umaga.

Sinabi, “Ano na, Imla?”

¹⁴⁸ Sinabi niya, “Pumaroon kayo,” sabi, “subalit nakita ko ang Israel na nakakalat gaya ng mga tupa sa burol, na walang pastol.”

¹⁴⁹ Sinabi niya, “Ano ba’ng sinabi ko sa ’yo! Ano ba’ng sinabi ko sa ’yo tungkol dito!” At kanyang sinabi . . .

¹⁵⁰ Pagkatapos ay lumapit ang mataas na obispo at sinampal siya sa bibig, sinabi, “Saan nagdaan ang Espiritu ng Dios? Dahil alam kong nasa akin ang Espiritu; ako’y sumayaw Dito, nagawa ko ang lahat ng mga bagay na ito. Kita n’yo, ako—nasa akin ang Espiritu. Saan banda Ito nagtungo?”

¹⁵¹ Ngayon, kita n’yo, si Imla bilang isang anak ng Dios, o isang tunay na propeta ng Dios, inusisa niya ang kanyang pangitain batay sa Salita. Kung ito’y wala sa Salita, ito’y mali. Kita n’yo? Ang Salitang para sa panahong iyon, kita n’yo. Ngayon, sinabi niya ayon sa Kasulatan, ang lupain ay pagmamay-ari nila, ang lupain ay kanila. Batay sa Kasulatan, ang lahat ay tila ba tama maliban sa isang bagay.

¹⁵² Alalahanin, isang Salita lang ang naging sanhi ng pagdating ng buong kaguluhan, hindi pinaniwalaan ni Eba ang isang Salita ng Dios; sa pinakauna ng Biblia, isang Salita ang naging sanhi ng gulo. Si Jesus, dumating sa kalagitnaan ng Biblia, ang sabi, “Ang tao ay mabubuhay sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Dios.” Sa hulihan ng Biblia, sinabi, “Ang sinuman na magbawas ng isang Salita o kaya’y magdagdag ng isang salita Dito.”

¹⁵³ Iyon ay hindi bahagi ng Ebanghelyo . . . Ang mga Methodist ay may bahagi, ang mga Baptist, ang mga Presbyterian, at kung sino-sino pa, sila’y may bahagi Nito, ang Katoliko ay may bahagi Nito, ang Jehovah Witness, ang lahat ng iba pa sa kanila.

¹⁵⁴ Ngunit Ito ay ang buong Salita, lahat ng Salita, ang Salita sa takdang panahon; ang siyang mahalaga. At hindi natin kailanman magagawa iyon hangga’t ang Dios ay di napapahiran ang isang propeta na kayang tumayo at sabihin Ito, at pagtibayin Ito, at patunayan Ito na Ito’y tama. Ito ay aalpas mismo sa gitna ng mga tao, hindi nila kailanman malalaman Ito, gaya ng kung ano ito noon pa.

¹⁵⁵ Kayong mga Katoliko, tulad ni Joan of Arc, sinunog n’yo siya na nakatali sa poste dahil sa pagiging isang mangkukulam; di nagtagal hinukay ninyo ang mga katawan nung mga pari, pagkalipas ng dalawandaang taon, at pinagtatapon sila sa ilog. Hindi ninyo kilala si Saint Patrick at ang iba pa sa kanila.

¹⁵⁶ Ito’y dadaan muli mismo sa inyong mga kamay, bago pa ninyo malaman. Gagawin ito ng Dios, at ni hindi na nga ninyo malalamang ito’y naganap. Kita n’yo, Siya ay basta na lang sisipot at kukunin ang Kanyang Nobya at dadalhin Siya

doon paitaas, at aagawin Siya palayo, mismo mula sa gitna ng mga tao.

¹⁵⁷ Ating nalaman, na itong munting si Micaya ay nagsabi na kanyang inalam, kanyang alam na ang Dios ay nagsabi, sa pamamagitan ng isang tunay na propeta na nauna sa kanya. Ang propeta na nauna sa kanya, ano ang kanyang sinabi? Sinabi niya ito, sinabi niya, “Ahab, sapagkat pinadanak mo ang matuwid, o ang dugo ng matuwid na si Naboth, ang mga aso ay didilaan din ang iyong dugo, at ang kay Jezebel.” At ‘yan ay sadyang tamang-tama, dapat na maganap sapagkat sinabi iyon ng Dios. Papaano ba makapagpropesiya ang propetang iyan ng mabuti kung iyon ay kasamaan laban dito?

¹⁵⁸ Paano ko masasabi dito sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea ang mabubuting mga bagay kung ang Dios ay nagsalita ng laban dito? Ikaw ay hubad, kahabag-habag! Sinasabi mo, “Ako’y mayaman, ako’y may mas mainam. . .Ako’y may mga iglesyang tulad ng Methodist, at ng mga Baptist, at ng mga Presbyterian. Ako’y mayroon *nito*, ako’y mayroon *niyan*; ang pinakamagaling na *ganito*, *ganyan*, at ang *iba pa*.” Tama ‘yan, subalit hindi alam na ikaw ay hubad, bulag, kahabag-habag, sa totoong bagay na ipinakikita ng Dios. Ito’y mismong dadaan sa iyon, gaya niyan, na kumikilos nang tuluy-tuloy palabas. Kita n’yo? Maniwala, kayong mga tao, bago pa maging huli ang lahat.

¹⁵⁹ Ngayon, ating nalaman na kanyang sinampal siya sa bibig, at sinabi, “Saan nagdaan ang Espiritu ng Dios. . .?”

¹⁶⁰ Si Micaya ay nagsabi, “Aking nakita ang Dios na nakaupo sa Luklukan. At ang lahat. . .Kanyang tinawag ang mga hukbo ng Langit, ang sabi, ‘Sino ba ang maaari nating kunin upang bumaba doon at dayain si Ahab?’” Ang sabi, “At isang sinungaling na espiritu ang umakyat at lumuhod sa harap ng Dios; isang sinungaling.” At alalahanin, iyang sinungaling na espiritu ay pumasok sa mga propetang iyon, dapat nalaman na nila noon din na ang espiritu na nasa kanila ay hindi nababatay sa Salita. Subali’t sila’y lubhang natangay sapagkat sila’y mga propeta ng hari, sapagkat mayroon silang bawat bagay na magara.

¹⁶¹ At iyan ang kung anong ginawa ng iglesya sa ngayon. Kayo’y napalayo na mula sa makalumang karanasan na mayroon kayo maraming taon na ang nakararaan noong kayo’y tumayo sa sulok ng daan at ipinangaral ang Ebanghelyo. Lumabas sa mga organisasyong iyon at tinawag ang inyong sariling “isang malaya nang mga tao!” Hindi! sapagkat kayo’y nakabalot na naman sa loob nito, tulad ng isang baboy sa lubluban nito o kaya isang aso sa suka nito. Kung ito’y nakapagpasuka sa kanya sa unang pagkakataon, ito’y makapagpapasukang muli sa kanya. Tama ‘yan! Isinusuka ka ng Dios mula sa Kanyang bibig, ang sabi Niya, “Ikaw ay malahininga, hindi mainit ni malamig”; magkakaroon

ng ilang mga pagtitipon, tapos tutugtog ng kaunti, musika, aawit ng kaunti, samantalang, ito'y lubusan . . . ito'y halos naging isang kahihiyang na sa Cristianismo.

¹⁶² Tinawag ako ng anak kong lalaki nung isang araw para tingnan ang isang telebisyon, ipinapalagay na isang pag-aawitan na palatuntunan kung saan nagsisidalang mga tao. Ang pulutong na iyon ng mga munting Ricky's na nakatayo doon, yumuyugyog sa paligid gaya nitong rock-and-roll, at inaawit ang mga awiting iyon, iyon ay isang kahihiyang kay Jesus Cristo! Wala ng kataimtimang ganap sa loob ng iglesya. Ito'y nagmistula nang para bang ang lahat ay naging isang rock-and-roll na kung ano, at isang fashion show, na pamalit sa Iglesya ng buhay na Dios kung saan maihahayag ni Jesus Cristo ang Kanyang Sarili na may kapangyarihan. Wari ko'y, may kung anong mali sa kung saan. Sila'y natatangay palayo. At ang Biblia ay nagsasabi na magiging ganyan nga. Kita n'yo? Tingnan kung saan na kayo naroroon. Mag-ingat, gumising na bago pa mahuli ang lahat.

¹⁶³ Ngayon ating nalaman, Kanyang sinabi, "Sino ang maaari nating papuntahin doon at dayain si Ahab, upang dalhin siya doon para matupad ang mga salita ng propetang iyan?" Kita n'yo, kung ang propeta'y nagsabi ng isang Salita, ang mga langit at lupa ay lilipas subalit Ito'y hindi mabibigo. Ito'y kinakailangang maganap. Kaya 'yon ang kung ano nga, kailangang maganap iyon.

¹⁶⁴ Sabi niya, "Ilagay ang taong ito sa kaloob-looban na kulungan, pakainin siya ng tinapay ng kadalambahatian at tubig ng kadalambahatian. Kapag ako'y bumalik na payapa, ako ang bahala sa kanya."

¹⁶⁵ Si Micaya ay tumayo nang matatag doon, na alam na nasa kanya ang Espiritu ng Dios. Ang kanyang propesiya, ang kanyang mga pangitain ay tama. Ang kanyang Mensahe ay tama, 'pagkat Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa mga pangitain, GANITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa Salita. Siguradong Ito'y tama, ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sinabi niya, "Kung ikaw nga ay makabalik pa, ang Dios ay hindi nagsalita sa akin." At alam ninyo kung ano ang nangyari, tiyak. Kita n'yo, kayo . . .

¹⁶⁶ Unawain, kapatid na lalaki. Makinig.

¹⁶⁷ Tiyak, si Caifas, hindi niya makita Ito. Bakit hindi siya tumingin sa ibaba . . . ? Siya ay isang—siya ay isang obispo, siya ay isang papa ng lahat ng mga iglesyang pinagsama-sama. Bakit hindi makita ng taong iyan si Jesus na nakatayo doon? Bakit hindi siya makaunawa? Noong kanilang inaawit ang ika-23 Awit, ang ika-22 Awit, pala, sa loob ng iglesya, at, "Dios Ko, Dios Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" at nandoon Siyang nakabitin sa krus. Ang mismong Mga Kasulatan, ang mismong Dios na kanilang sinasamba, noo'y kanilang hinahatulan Siya

at pinapatay Siya dahil sa pagiging “isang panatiko.” Hayan nga iyon.

¹⁶⁸ Ito’y gugulantang sa inyo kung sasabihin ko sa inyo na ’yan ay sadyang malapit nang maulit muli. Ang Biblia’y nagsabing Siya’y nasa labas at nagpupumilit kumatok para makapasok sa loob, at walang sinuman ang may nais na papasukin Siya, “Siya na Aking iniibig ay Aking pinapalo at sinasaway, pinagsasabihan Ko siya, inalog Ko siyang mabuti, ngunit iyan ay sapagkat mahal Ko siya. Buksan mo at papasukin mo Ako sa loob.” Opo. Hindi maka . . . “Alalahanin, ayaw Kong pumasok sa loob ng iglesya; *siya* ’yon, ang indibidwal.” Hindi Siya makapasok sa loob ng iglesya, Siya’y pinagsarhan sa labas. Noon . . . lang, ang tanging organisasyon sa lahat sa kanila, ay ang kapanahunan ng iglesyang ito, na Siya ay nasa labas ng iglesya. Inilagay sa labas! Inayawan! Tinanggihan! Sapagkat . . . Siya ay naipahayag lamang sa loob pansamantala sa ibang mga iglesya, sa anyo ng pag-aaring ganap, at kung ano pa; subalit sa loob dito, ang kapanahunang paparating ngayon, ay ang kabuuang paghahayag ng pagpapatunay kay Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Oh, aaminin kong tayo’y nagkaroon ng napakaraming mga nagpapanggap, pero suriin ang naunang isa, ang pinaka pinagmulan.

¹⁶⁹ Si Moises ay bumaba doon dala ang mga kautusan ng Dios, upang palayain ang Israel; at nang kanyang ginawa, siya’y nagsagawa ng ilang mga himala. Ang mga nagpapanggap ay nagsigaya sa kanya. Kung sila ang nauna, siya na sana ang nagpapanggap. Kita n’yo, nasa kanya ang Salita ng Dios, at ang Panginoon ay nagpatunay; siya’y nanatili lang.

¹⁷⁰ At, alam n’yo ba, na ang siya ring bagay na iyon ay ipinangako sa huling panahon? “Kung paanong si Jambres at si Janes ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman itong mga tao na may mga masasamang pag-iisip patungkol sa Katotohanan.” At kapag ang isang organisasyon ay nagpapanatili ng isang . . . dinadala ang isang tao sa organisasyong iyan, iyon ay nagpapakitang hindi iyon galing sa Dios; sapagkat, ginagawa ng Dios ang mga bagay na iyon upang akitin ang mga kaisipan ng mga tao, at pagkatapos ay kasunod niyon ang Mensahe. Kung hindi ganun, kung gayon hindi iyon sa Dios. Hindi iyon sa Dios! Ang Dios ay palaging ginagawa iyan.

¹⁷¹ Si Judas hindi maunawaan Ito. Siya’y lumakad pa mismo kasama Niya, hindi niya Ito nakita.

¹⁷² Ngunit ang tunay, na itinalaga ng Dios, iyang tunay na gene, iyang tunay na binhi, isang kaluluwang mula sa Dios na nasa Dios bago pa naitatag ang mundo; alalahanin, ikaw na talagang taglay ang Espiritu ng Dios sa loob mo ngayong gabi, ikaw ay naririto na noon pa kay Cristo sapagkat Siya ang kapuspusan

ng Salita. Siya ang kapuspusan ng Pagka-Dios sa kahayagan ayon sa laman. Ang Dios ay na kay Cristo, pinakipagkasundo ang mundo sa Kanyang Sarili. Kayo ba'y naniniwala diyan? Masdan, Siya ay na kay Cristo. Kung ganoon kung ikaw ay naroon sa Dios, isang gene, isang salita, isang katangian mula sa pasimula, kung ganoon lumakad kang kasama Niya dito sa lupa, nagsalita kang kasama Niya dito sa lupa, nagbata kang kasama Niya dito sa lupa, namatay kang kasama Niya doon sa Kalbaryo, at ikaw ay muling nabuhay kasama Niya; at ngayon ikaw ay nakaupo sa makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, nakikipagniig sa Kanya (ang Salita) habang nagpapakain Ito sa loob ng iyong kaluluwa, na, "Ang tao ay mabubuhay sa bawat lumalabas na Salita."

¹⁷³ Hindi ang Methodist na salita, ang Baptist na salita; alalahanin, kung mayroong anumang natira doon sa hain, dapat itong sunugin bago pa mag-umaga, 'pagkat ang bukas ay ibang kapanahunan na ng iglesya. Tama ba? Exodo, Ito'y totoo. Isang simbolo, tipo ng Hain.

¹⁷⁴ Ang Pintuan. Sinabi, "Ako'y gagawa ng isang dako. Huwag. . . Kayo'y hindi sasamba sa Akin sa bawat pintuan na ibinigay Ko sa inyo; subalit mayroong isang Pintuan, at sa Pintuang iyan ilalagay Ko ang Aking Pangalan." At kung saan inilagay ng Panginoon ang Kanyang Pangalan, 'yan ang dako na ang Dios ay tatanggapin ang iyong hain. Tayo'y gumawa na ng lahat ng uri ng mga pintuan, ngunit ang Dios ay gumawa ng isang Pintuan. Ang Dios ay gumawa ng isang Pintuan, at ang Pintuang iyan ay. . . San Juan ika-10 kabanata, si Jesus ay nagsabi, "Ako ang Pintuang iyan."

¹⁷⁵ Inilagay ng Dios ang Kanyang Pangalan kay Jesus. Naniniwala ba kayo diyan? Siya ay ang Anak ng Dios. Bawat anak ay dumarating sa pangalan ng kanyang ama. Sinabi Niya, "Ako'y naparito sa Pangalan ng Aking Ama, hindi ninyo Ako tinanggap." Ako'y naparito sa pangalan ng aking ama, kayo'y naparito sa pangalan ng inyong ama. Si Jesus ay naparito sa Pangalan ng Kanyang Ama, kaya ang Pangalan ng Kanyang Ama ay Jesus; tumpak nga, 'pagkat Siya'y pumarito sa Pangalan ng Kanyang Ama.

¹⁷⁶ "At ayaw ninyo Akong tanggapin. May ibang darating, at siya ang inyong tatanggapin." Inyong tatanggapin ang inyong mga denominasyon at magpapatuloy na kasama nila. Sige magpapatuloy lang, ang sabi ng Biblia, "Sila'y pinalitaw upang gampanan ang papel na ito. Bulag, hubad, at hindi alam iyon." Ang iglesya, relihiyon, oh, napakarelihiyoso, katulad din lang ni Cain noon; gumawa ng isang hain, gumawa ng lahat ng katulad din ng sa kay Abel. Subalit sa pamamagitan ng kapahayagan ay ipinahayag sa kanya kung ano ang sakramentong iyon, hindi ang mga bunga ng taniman at anumang may kinalaman sa iyong kamay.

177 Ang mananampalataya ay kayang makita ang Salitang nagkatawang-tao; ang iba'y hindi magagawa iyon.

178 Lahat silang mga Israelita, matapos nilang makitang gawin ni Moises iyan at dinala sila doon mismo sa dakilang konseho, kung saan iyon gaganapin, bawat isa sa kanila ay nagsabi, "Sasama kami kay Balaam, dahil sa aming palagay tama si Dr. Balaam. Siya'y higit na matalino, higit na may pinag-aralan, lahat na, kaya tatanggapin na lang namin iyon."

179 At ang Dios ay hindi sila kailanman pinatawad, Kanyang pinuksa sila doon mismo sa ilang. At sinabi ni Jesus, Siya Mismo, "Sila'y hindi makararating, walang naligtas sa kanila." Sinabi ni Jesus . . .

180 Ang sabi nila, "Ang aming mga ninuno ay kumain ng manna sa disyerto sa loob ng apatnapung taon."

181 Sinabi Niya, "Lahat sila'y nangamatay, Walang Hanggang nahiwalay mula sa Dios. Lahat sila'y nangamatay." Tiyak nga! Sapagkat sila'y nakinig sa isang kamalian. Noong si Moises, ang pinatunayan ng Dios, at isang pinuno para ituro sa kanila ang daan patungo sa lupang pangako, at sila'y umabot nang ganun kalayo nang matiwasay, gayon pa man sila'y ayaw magpatuloy na kasama siya.

182 Ngayon, ang mga mananampalataya ay makikita Ito, ngunit ang mga di-mananampalataya ay hindi makikita Iyan na pinatunayan.

183 Masdan kung gaano karelihiyoso si Caifas. Tingnan kung paanong lahat silang mga saserdote kung gaano sila karelihiyoso. At si Jesus ay lumingon, sinabi, "Kayo ay sa inyong amang Diablo, at ang kanyang mga gawa ang gagawin ninyo."

184 Ngunit mayroong iilang mga mananampalatayang nakaupo doon. Sa palagay n'yo ba silang mga disipulo ay nakaunawa nang sabihin ni Jesus, "Ako at ang Aking Ama ay iisa"? Hindi maaaring naipaliwanag nila Ito. Nang sabihin Niya, "Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao, inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay." Kaya ba nilang ipaliwanag Ito? Hindi. Subalit pinaniwalaan nila Ito, sapagkat nakita nila ang Dios na pinapatunayan at naging laman.

185 Si Jesus ay nagsabi, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayo'y huwag ninyo Akong sampalatayanan. Subalit kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking Ama, ang Salitang iprinopesiyang Aking gagawin, kung gayon kayo. . . Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawang ginagawa Ko, upang kayo ay maligtas." Kita n'yo? Sinabi ni Jesus, "Kilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Alam nila ang Aking Salita, kanilang makikita Ito kapag Ito'y pinagtibay sa kapanahunang iyan."

186 “Buweno, si Caifas alam din naman ang Salita!” Ngunit hindi ang Salita para sa kapanahunang *iyon*. Siya’y nagkaroon ng salita ng kung ano ang ipinagduldulan ng mga Fariseo sa kanya, subalit hindi ang napatunayang Salita ng panahong iyon.

187 “Kilala nila ang Aking Tinig, kilala nila ang Aking tanda, kanilang alam ang Aking kababalaghan.” Paanong ngayon, na . . .

188 Oh, balikan natin ang ating paksa, dahil malalaktawan natin ang karamihan nitong Kasulatan kung hindi natin gagawin, dahil kailangan ko nang magtapos sa susunod na ilang minuto din naman, dahil mag-a-alas-diyes na sa loob ng ilang minuto. Mahal ko Siya.

189 Mga kaibigan, kayong mga taong lumakad diyan sa gitnang daanan at inilagay iyang kaloob diyan kani-kanina lang; mga taong nagpakain sa aking mga anak, binihisan sila; ang mga tao na naglagay ng inyong salapi (na pinaghirapan ninyong kitain) sa isang lagayan ng offering, alam n’yo ba kung saan napupunta ’yan? Iyan ay tumutulong na dalhin ako sa ibayong dagat doon sa mga pagano na hindi pa kailanman nakarinig ng kahit anong bagay patungkol sa Dios. Iyan ang aking ginagawa diyan, bawat sentimo, ang Dios ang aking Tagahatol. Heto ang ilan sa aking . . . ang lalaking ’yon ay nakaupo rito ngayon na nasa—nasa ingatang-yaman ng aking iglesya. Tumatanggap ako ng isandaang dolyar kada linggo, at ’yon na lahat; ang sobra diyan ay napupunta sa pagtataguyod ng mga pagtitipon sa ibayong dagat kung saan hindi sila makapunta.

190 Ang mga iglesya ayaw sa akin. Hindi nila ako gusto. Hindi. Tama ’yan! Binabansagan nila ako ngayon, “Siya’y . . .” Sabi nila, “Siya’y isang ‘Jesus Only,’ o siya’y kung ano na kagaya niyan, o kung anong erehe, panatiko, at lahat na kagaya niyan, isang—isang Jezebel.” At aking—aking inaasahan ’yan, ang aking Panginoon ay tinawag nilang, “Jezebel,” at tinawag nila Siyang . . . hindi isang Jezebel, kundi isang “Beelzebub.” Kanilang itinawag sa Kanya ang lahat ng masasamang mga pangalang iyon. “Kung tinawag nila ang Panginoon ng sangbahayan na, ‘Beelzebub,’ gaano pa kaya na tawaging gayon ang Kanyang mga alagad?” Kaya nga walang anumang ipinagkaiba iyan.

191 At kayo mismo, sa tulong ng Dios, sa tingin n’yo ba tatayo ako dito, na isang malaking mapagkunwari, at magsasabi sa inyo ng kung anong bagay . . . ? O, hindi ba’t hahanay ako mismo sa bagay na ’yon kung inisip kong iyon ay galing sa Dios?

192 Subalit kung ako’y nagmamahal sa inyo at alam kung ano ang Katotohanan . . . Narinig n’yo na ba akong nagsabi ng kahit ano sa Pangalan ng Panginoon maliban sa kung ano ang natupad? Hindi. Tinatanong ko ang sino man. May libo-libong mga bagay ang nasabi na, lahat sila ay natupad. Alalahanin

ang panahong iyon nang si Samuel ay tinawag palabas, palagay ko siya nga, at sinabi niya...? Ang Israel ay nais gawin ang kanilang mga sarili na gaya sa iba pang mga bansa. Iyon ang pinatutunguhan ninyong mga Pentecostal. Gusto ninyong kumilos tulad ng lahat ng iba pang mga tao. Kayo'y hindi ganoong uri ng mga tao. Layuan ninyo iyon. Ang malalaking mga iglesya at malalaking magagarang mga bagay, O kapatid, huwag gawin 'yan. Ating ipinangangaral ang pagdating ng Panginoon ay malapit na, tayo'y humayo sa labas doon at ipaalam sa mga pagano. Kita n'yo, gumawa ka ng isang bagay tungkol dito.

¹⁹³ Subalit, nakita ninyo, ang sabi ni Samuel, "Ako ba'y kahit sa makaisang pagkakataon ay kumuha na ng inyong salapi para sa aking ikabubuhay?"

¹⁹⁴ Sabi nila, "Hindi, Samuel, hindi mo kailanman ginawa 'yan."

¹⁹⁵ Ang sabi, "May sinabi na ba ako sa inyo na anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon maliban sa kung ano ang natupad?"

¹⁹⁶ "Oh, 'yan ay tama, Samuel. Kami'y naniniwalang ikaw ay isang propetang isinugo mula sa Dios. Siyanga, po. Lahat ng iyong sinabi ay nangyari, Samuel. Ngunit gusto pa rin namin iyon ganun pa man." Nakita ninyo kung ano ang nangyari. O kapatid, ang Kasulatan ay patuloy lamang na inuulit-ulit ang Sarili Nito sa buong Kasulatan, 'pagkat iyon ang kaparaanan ng Dios sa paggawa nito, nakita ninyo. Nakita ninyo, umaabot kayo sa ganitong uri ng mga pagkakataon.

¹⁹⁷ Balik natin ang ating paksa kaagad. Ngayon, kanina pa ako ganito hanggang ngayon, at ni hindi pa nga ako nakakaabot sa aking pinapaksa.

¹⁹⁸ Nasa puso ko iyon! Mahal ko kayo! Huwag kayong mapahamak kasama ng sanlibutan! Kung kayo'y taga-sanlibutan, kayo'y mapapahamak kasama ng sanlibutan. Kung kayo'y sa Dios, kayo'y tutungo kasama Siya sa pagkabuhay na mag-uli. Kaya palitan n'yo ang inyong kalikasan ngayong gabi mula sa pag-ibig sa sanlibutan at sa mga bagay ng sanlibutan, at lahat nitong mga kredo at mga bagay-bagay, at tumingin nang tuwid sa Kalbaryo sa inyong Hain; katagpuin n'yo Siya doon sa gayong mga basehan, dahil 'yan lang ang tanging dako na Siya'y kakatagpuin kayo. Siya . . .

¹⁹⁹ Ang mga Methodist ay nagsasabi, "Iyon ay sa aming iglesya"; ang mga Baptist ay nagsasabi, at ang mga Pentecostal, at *ito*, at ang mga Presbyterian, at *ito*.

²⁰⁰ Subalit Kanyang sinabi, "Akin silang kakatagpuin sa isang dako, ang Dakong pinaglagyan Ko ng Aking Pangalan." Iyan ay kay Jesus Cristo. Diyan inilagay ng Dios ang Kanyang Pangalan. Iyan lang ang tanging dako na Siya'y katatagpuin kayo; at 'yan ay si Cristo, ang Salita, ang siya ring kahapon. . . Ito'y lumaki na mula sa mga paa, mga hita. At ngayon ay nasa ulo na ito,

nahahanda nang tumungo; inihahayag sa ganap na sukat ang Nobya, katulad ng Nobyo.

²⁰¹ Ngayon dumako tayo sa ating paksa, kaagad-agad, ng mga sampung minuto, at saka tayo magtatapos. Ngayon ang ating paksa, tayong lahat ay nais na pag-aralan ito. Ito'y nangyari na muli, bilang ating paksa, gaya ng ito'y madalas na nangyayari.

²⁰² Ang Dios ay isinugo ang Kanyang propeta gaya ng Siya . . . Naipangako ng Salita mula sa Malakias 3, "Isang mensahero ang Aking isusugo sa Aking unahan upang ihanda ang Kanyang pagdating."

²⁰³ Ngayon kung gusto ninyong pagtibayin 'yan, upang patunayan ito; ang Mateo, ika-11 kabanata, ay pinagtibay ang gayon din. Nang magpunta ang mga tagasunod ni Juan at nakita nila si Jesus, sinabi nila, "Si Juan ay nasa kulungan." Sinabi, "Kami'y naparito upang tanungin Ka kung siya ba . . ."

²⁰⁴ Ang matang-agila ni Juan ay nanlalabo na. At siya'y nasa kulungan, siya'y nahahanda nang mamatay; ang sabi, "Humayo kayo't tanungin n'yo Siya."

²⁰⁵ Kita n'yo, sinabi ni Juan, "Oh, nasa kamay Niya ang Kanyang kalaykay, lilininis Niyang lubos ang Kanyang giikan." Inakala niyang ang Milenyum ay magsisimula na noon din, inakala niyang ang butil ay nakahanda na. Subalit kinailangan nitong mamatay at magtungo sa tangkay, umusbong na namang muli upang buuin ang totoong Nobya. Kaya sinabi niya, "Titipunin Niya ang Kanyang trigo sa kamalig, at Kanyang susunugin, sa apoy." Bantayan iyang—iyang tagapaghanda ni Cristo sa kapanahunang *iyang*, kung ano ang kanyang sinabing magaganap. "Ang butil . . ."

²⁰⁶ At ako'y umaasa na hindi kayo tulog. Ang butil ay naririto na! Ito'y titipunin na sa kamalig. Ito'y ang Nobyang iyan, iyang bahagi nito. Subalit ano ang sinabi Niyang mangyayari sa tangkay? Ito'y susunugin sa apoy na hindi mapapatay. Sikapin mong matamo ang kaligtasan ngayon habang magagawa mo pa. Maging isang butil, hindi isang tangkay. Kita n'yo? Tumungo doon sa Buhay, hindi ang lumang patay na anyo; tumungo doon sa Buhay ni Cristo, ang Salitang nahayag, ang . . . nahayag at pinagtibay na gayon nga. Ito ang—ito ang panahon ng pagbigkis, ang tagapag-aning panggiik ay darating na. Mabuti pang pumasok na kayo doon sa butil, 'pagkat ang talukap ay iiwanan.

²⁰⁷ Ngayon, nalaman nating ito'y nangyari, si Jesus . . . Para tapusin ang sinipi ko dito, itong Mateo 11. Kita n'yo, hindi Niya binigyan si Juan . . . Niya sinabing, "Ngayon, sandali, bibigyan Ko si Juan ng isang aklat tungkol sa kung papaano niya pakikilusin ang sarili, *Isang Mananampalatayang Nasa Bilangguan.*" Hindi! Ang sabi Niya, "Tumayo kayo sa paligid at masdan kung ano ang nangyayari. Bumalik kayo at ipakita kay

Juan kung ano ang nangyayari: ang mga pilay ay nakakalakad, ang mga bulag ay nakakakita, ang patay ay binuhay, at ang Ebanghelyo ay ipinangaral sa mga dukha.” Sadyang tamang-tama sa kung ano ang sinabi ng propeta na magaganap. “At mapalad kayong hindi nakasumpong ng katitisan sa Akin.”

²⁰⁸ At ang kanyang mga disipulo’y nagsimulang humayo patungo sa ibayo ng burol, lumingon Siya, ang sabi, “Ano ang pinuntahan ninyo upang makita noong magtungo kayo para makita si Juan? Humayo ba kayo para makita ang isang taong nararamtan ng malalambot na mga kasuotan, at kung ano pa, nakabaligtad ang mga kuwelyo, at lahat ng ito, alam n’yo?” Sabi, “Sila’y nasa mga palasyo ng mga hari, hinahagkan nila ang mga sanggol at naglilibing sa patay, hindi niya alam kung paano humawak ng espadang pang-dalawang kamay.” Kita n’yo? Ang sabi, “Ano ang pinuntahan ninyo upang makita? Isang—isang tambo na inuuga ng kahit anong hangin, ‘Sige na, Juan, bibigyan kita ng mas maraming pera kung pupunta ka dito?’ (Aba, purihin ang Dios, hindi na ako Methodist, magiging Pentecostal ako, magiging Presbyterian ako, ako’y magiging *ganito, ganyan*, ’yung isang may mas maraming pera.)” Ang sabi, “Wala kayong nakita kailanman na tambo na inuuga ng hangin.” Sabi, “Ano ang pinuntahan ninyo upang makita doon, isang propeta?” Ang sabi Niya, “Oo, at higit pa sa isang propeta.”

²⁰⁹ Kabibigay lang noon ni Juan ng pinakamababang-uring pagkilala na maibibigay niya kay Jesus. Alam na iyon ay kinailangang dumating sa ganoong kaparaanan; tinanong Siya matapos niyang ipakilala Siya at makita iyang Tanda sa itaas Niya, sinabi niya, “Ito ang Mesiyas,” pagkatapos ay lalapit siya at magtatanong, “Ikaw ba Siya, o maghihintay pa kami ng iba?”

²¹⁰ Ngunit, masdan, si Jesus na nalalaman ’yan, Siya’y lumingon at binigyan siya ng isang pagkilala, ang sabi, “Ano ang pinuntahan ninyo upang makita, isa bang tambo na inuuga ng hangin?” Sinabi, “Wala pang tao na ipinanganak ng isang babae na kasing dakila ni Juan, hanggang sa araw na ito.” Tama ’yan! Kay-gandang papuring maibibigay sa taong iyon!

²¹¹ Subalit, nakita ninyo, hayun ito, ang propesiya ay natupad sa mismong harapan nila, na may isang tagapaghanda na dumarating, nang eksakto sa kung ano ang sinabi ni Malakias. Ngayon, iyan ay Malakias 3, hindi Malakias 4.

²¹² Si Juan Bautista ay ang Malakias 3, gayon nga ang sabi ni Jesus. Nang tanungin nila Siya, sinabi, “Bakit sinasabi ng mga eskriba. . .”

Sinabi, “Siya’y naparito na. Ginawa nila kung ano ang kanilang sinabi.”

²¹³ Subalit, alalahanin, ang Malakias 4, pagkatapos na pagkatapos ng propeta ng Malakias 4, ang ikaapat na pagdating ni Juan Bautista sa...o ang...ni Elias. Ang ikalimang

pagdating ay ang sa Apocalipsis 2, ang mga saksi, kapag siya'y naparito para sa mga natira pang mga Hudyo. Ngunit limang ulit nang nagamit ng Dios ang gayon ding Espiritu: biyaya, J-e-s-u-s, lahat ng ito'y si Jesus sa lahat ng oras; f-a-i-t-h, g-r-a-c-e, at iba pa. Nakita ninyo? Ang bilang na lima ay isang pambiyayang bilang at ginamit Niya ito. Hindi gagamit ng tatlo lang, hindi gagamit ng dalawa lang, tatlo, apat. Iyon ay limang beses na ginagamit Niya ito.

²¹⁴ Ngayon, pansinin kaagad ngayon, habang tayo'y papatapos na. Sinabi Niya, "Ito yaong tinutukoy nang sabihing, 'Ipinapadala Ko ang Aking sugo na nauuna sa Akin.'"

²¹⁵ Subalit sa Malakias 4, kaagad matapos magpropesiya ang propetang *iyon*, ang buong sanlibutan ay susunugin, at ang mga matuwid ay lalakad palabas sa ibabaw ng mga abo ng mga masasama. Kita n'yo? Tamang-tama! Kita n'yo, 'yan ang propesiya ng Malakias 4.

²¹⁶ At pansinin sa Lucas 17, kung saan sinabi Niya, "Sa mga huling araw, ito'y darating na gaya ng Sodoma at Gomorra muli." Nasa atin na ba iyon ngayon? Nasa ating muli ang Sodoma at Gomorra? Ang lahat ng mga bansa, tingnan n'yo iyon. Tingnan n'yo kung ano ang kasasabi pa lang niya tungkol sa Inglatera, ang buong kalakaran ay binaliko. Kahit ang pagkain ay pinasama. At tingnan rito kung ano ang agham. . . Alam n'yo ba sa *Reader's Digest*, sa tingin ko ito'y noong nakaraang buwan, sinabi nila, "Ang mga munting batang lalaki at babae ay nagiging nasa kalagitnaang edad sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't limang taong gulang." Nakakaharap ko sila sa pagtitipon, mga munting dalagang tumigil na ang buwanang dalaw, at dalawampu, dalawampu't dalawang taong gulang, natigil na ang buwanang dalaw. Ano'ng sanhi nito? Ang pagbabaliko, paghahalong-uri. Iyan talaga ang sumira, sinira ng buong bagay na 'yan ang katawan. Tayo'y wala na kundi isang tambak ng—ng. . . gaya lang ng isang hybrid na tanim.

²¹⁷ Kumuha kayo ng isang hybrid na tanim at ilagay ito doon sa labas, agad na dadapuan ito ng bawat mikrobyo. Pero ang isang tunay, na orihinal na tanim, lalayuan ito ng mikrobyo, hindi siya makakatayo dito. At 'yan ang kung anong problema sa iglesya, ginawa na nating hybrid ito.

²¹⁸ Iyan ang kung anong problema sa matandang kabayo ni Pearry Green doon sa itaas, at pinatilaon nito ang batang 'yon nung isang araw, ito'y isang matandang kabayo lang na pang-maikliang karera. Kita n'yo? Ang tanging bagay dito ay, siya. . . Ito'y gaya lang din ng isang mula, siya'y—siya'y. . . isang mula na hindi alam kung sino ang kanyang tatay o kaya nanay, siya'y walang nalalaman; siya'y kalahating mula at kalahating kabayo, at kalahati *nito* at ng buriko; hindi niya alam kung ano siya. Kayo'y hindi makapag. . . Siya'y maghihintay nang buong buhay

niya para sipain ka. Tama 'yan! Maaari mo siyang tawagin, sabihin, “Kaya mo 'yan, bata. Kaya mo 'yan, bata.” Patatayuin niya ang kanyang mga tainga, at, “Haw! Haw! Haw!” Kita n'yo?

²¹⁹ Tulad ng ilan sa mga ito na nagsasabing “Ang mga araw ng mga himala ay lipas na, Haw! Haw!” itong lahat na mga kalahating-lahi, na ipinagpapalagay pa namang mga kasapi ng iglesya at mga Cristiano. Hindi ko sinasabi 'yan bilang isang biro, pero iyan ang Katotohanan. Subalit ang isang tunay, na puro ang lahi, kapatid na lalaki, alam niya kung sino ang kanyang ama, kung sino ang kanyang ina, kung sino ang kanyang lolo, sino ang kanyang lola, matuturuan mo siya ng isang bagay, siya'y maamo.

²²⁰ At ang tunay na Cristiano na ipinanganak ng Banal na Espiritu at puno ng kapangyarihan at Salita ng Dios, alam niya kung sino ang kanyang ama, kung sino ang kanyang ina, kung sino ang kanyang lolo, sino ang kanyang lola, alam niyang lahat ang patungkol Dito. Matuturuan mo siya ng isang bagay.

²²¹ Ngunit ang isang kalahating-lahi, 'yon ang dumating sa mga iglesya. Pinaghalong uri sa pagitan ng kamunduhan at mga organisasyong panrelihiyon, at naglalagay dito ng kaunting Salita *rito*, kaunting Salita *doon*, tamang-tama lang para makapandaya. Tama 'yan. Bagama't nakikita mong ang tunay na Salita ng Dios ay nahahayag tulad noong nakita rin nila at ni Caifas, sila'y tumatalikod naman palayo Rito, hindi nila alam. Hybrid!

²²² Ngayon nalalaman natin, at dito sa mensaheng ito, ang Isaias 40:3 ay nagpatunay din kay Juan. Sinabi niya, “Ang tinig ng isa, isang propeta, na sumisigaw sa ilang, ‘Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, gumawa kayo ng tuwid na landas na Kanyang lalakaran.’” Ang iglesya ay hindi naniwala sa kanya, dahil hindi siya kasama sa kanilang grupo. Ang propetang iyon ay pinalaki sa isang ilang, dumating na walang kakilala kahit isa. Nasa kanya ang mismong Espiritu na na kay Elias noon: siya'y tao ng ilang, namumuhi siya sa mga imoral na babae.

²²³ Alalahanin kung papaanong si Elias. . . Anong naging sanhi para mapugutan siya ng ulo? Si Jezebel. Si Jezebel ang dahilan para siya mamatay. Itinaboy siya niyon doon sa ilang.

²²⁴ Si Juan Bautista, isa pang maibigin sa disyerto, isang mangangaso, isang taong-gubat. Masdan siya. Wala siyang pinag-aralan. Masdan ang kanyang—ang kanyang paksain, hindi kagaya ng sa teologo. Ang sabi niya, “O kayong lahi ng mga ulupong!” Ang pinakamaruming bagay na matatagpuan mo sa ilang, ang pagka-ahas, ay ang isang—ay ang isang ahas. At tinawag niya ang mga saserdoteng iyon, “Kayong lahi ng mga ulupong! Sino ang nagbabala sa inyo upang makatakas sa poot na darating? Huwag kayong magsimulang magsabi, ‘Kaanib kami sa *ganito*, at meron kaming *ganito* o *gano'n*,’

dahil sinasabi ko sa inyo, ang Dios ay makalikilika mula sa mga batong ito,” disyerto. Gayon din, “Ang palakol” (kung ano ang kanyang ginamit) “ay nakalagay na sa ugat ng punongkahoy; at ang bawat punongkahoy na hindi nagbubunga ng mabuti, ay pinuputol at inihahagis sa apoy.” Amen.

²²⁵ Isa siyang mangangaral ng kalikasan. Isang dakilang tao ng Dios, namuhay nang maikling panahon, ngunit tiyak na nakapagpaliyab sa bawat panig ng mundo. Ginulantang niya ang lahing iyan sa anim na buwang iyon ng kanyang ministryo. Inalagaan siya ng Dios sa loob ng tatlumpung taon, para mailabas ang anim na buwang iyon sa kanya. Ngunit gumagawa ang Dios sa sarili Niyang kaparaanan, alam Niya kung ano ang Kanyang ani.

²²⁶ At nalalaman natin ngayon na ito ang talaga ngang nangyari. Hindi sila naniwala sa kanya, dahil hindi siya kabilang sa kanila. Hindi sila naniwala. Ganun pa rin ang ginawa nila gaya ng sa dati, hindi nila nakita Ito. Sila’y hindi naniwala sa Salita ng Dios mula sa Malakias 3, kung hindi ay nakita na sana nila nang maliwanag, sa pamamagitan ng titik, na ito ang tagapagpaunang iyon. Hindi pa sila nagkakaroon ng propeta sa loob ng apat na raang taon, at heto ang isa ay biglang lumitaw sa tagpo. Kita n’yo? At ang mga tao, ang mga mananampalataya, ay naniwalang siya nga iyon. Kita n’yo, hindi nila pinaniwalaan Ito. Sila’y hindi naniwala, ‘pagkat noong kanilang nakita ang titik na lubusang pinatunayan, kung ano ang Kanyang sinabing gagawin Niya, at lahat na, at nakitang Ito’y maliwanag na pinatunayan nang ang Salita ay mismong lumusong doon sa tubig sa harapan ng propeta. Hayun silang nakatayo.

²²⁷ Maraming nakikipagtalo hinggil diyan sa Kasulatang iyan tungkol kay Juan. Kita n’yo, sinabi ni Juan, “Ako ang dapat Mong bautismuhan, at bakit Ikaw pa ang lumalapit sa akin?”

²²⁸ Sinabi ni Jesus, “Hayaan mong maging ganyan, dahil ganito . . . ngunit ganito ang nararapat sa atin, kinakailangan natin (nararapat) nang sa gayon ay matupad natin ang lahat ng iyan. Juan, ikaw bilang isang propeta, batid mo na ang hain ay kinakailangang mahugasan bago ito ialay. At Ako ang Hain na iyon, at ikaw ay isang propeta at alam ‘yon.” Saka niya pinayagan Siya at binautismuhan Siya. Kita n’yo? At nalaman niyang iyon nga.

²²⁹ Masdan, pinagtawanan nila siya, tinawag siyang “isang mabangis, umaatungal, na panatikong walang-pinag-aralan,” gaya pa rin ng dati, ang propetang iyon na inihahanda ang unang pagdating ni Jesus.

²³⁰ Hindi ko sinasabi na sila’y . . . walang gayon ding mga panggagaya ngayon sa—sa tunay. Mayroon sila, tiyak ngang mayroon sila. Ngunit, alalahanin, kung saan nakakakita ka ng pekeng dolyar tiyak na mayroong isang tunay na

dolyar na pinaggayahan. Kung saan nakakakita ka ng isang nagpapanggap na isang Cristiano, tiyak na mayroong isang tunay na Cristiano sa kung saan; sapagkat, kung wala, *iyon* na ang magiging orihinal. Kinakailangan mong matunton ang orihinal. Subalit alamin ang isang nauna, at tingnan kung ang orihinal ay talagang tumpak nga ayon sa pangako. Kung ganun nga ito, kung ganun paniwalaan Ito: ang pangako para sa kapanahunan.

²³¹ Samakatuwid ang propesiya ni Juan ay pinatunayan ayon sa pamamaraan ng Dios. Ang Salita ay dumating sa propeta at totoong nagpatunay sa kanya bilang ang taong iyon.

²³² Muli si Jesus ay dumating sa isang...iba kaysa sa pagkaunawa nila sa propesiyang iyon. Hindi nila naunawaan Ito sa ganyang paraan. (Ngayon, magtutuluy-tuloy na tayo sa dulo ngayon.) Subalit batay sa Salita ng propeta, Ito'y natupad nang tamang-tama ayon sa pagkakasulat. Ang propesiya ay natupad; ngunit ang paraan na kanilang iniisip na magiging ganun Ito, hindi Ito sa gayong paraan. Ngayon, paano kaya nila naunawaan at nalaman kung alin ang tama o mali? Para makita kung ito ba'y pinatunayan ng Dios, kung ang Dios ba ang nagpapaliwanag kung ano ang Kanyang sinabi. Nagkaroon na ng bulaang mga Jesus na nagsilitawan, at pinangunahan ang isang tao, isang pangkat ng...apat na raan, doon sa ilang at mga bagay-bagay; ngunit hindi niya kailanman naipakita na magawa ang kanyang sarili na nasa Salita, nakita ninyo, gaya ng Kanyang sinabi.

²³³ Si Jesus, kapag Siya'y dumating, siya'y magiging isang propeta. Tama 'yan! At ngayon, bago pa si Jesus bumalik muli, ang buong kahayagan ng katauhan ni Jesus Cristo ay mahahayag sa laman. Isipin n'yo 'yan! Sinabi ni Jesus, "Tulad noong mga araw ng Sodoma, gayon din ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay inihahayag na." Ano ang *inihayag*? Inilahad, ipinaalam. Ang lihim ay inilabas na, inihayag. Sa araw na ang Anak ng tao ay ihahayag, ang mundo ay magiging nasa Sodomang kalagayan. Nakuha na natin iyon, hindi ba? Opo! Ilan ba ang naniniwala diyan? Ito'y nasa Sodomang kalagayan. At iyan ay talagang tama! Tingnan kung saan ito naroroon, ngayon.

²³⁴ Alalahanin, palaging may tatlong grupo ng mga tao sa bawat pangkat ng mga tao na inyong napagtitipon-tipon, iyan ay ang, mga nagkukunwaring-mananampalataya, mga dimanampalataya, at mga mananampalataya. Mayroon tayo niyan sa bawat grupo. Nagkaroon sila ng mga ganyan sa lahat ng panahon. Nandiyan ang mga Sodomita, nandiyan ang—nandiyan ang mga katipo ni Lot, at nandiyan si Abraham.

²³⁵ Ang kay Abraham ay isang grupo na tinawag-palabas, siya'y wala sa Sodoma sa pasimula pa lang. Ngayon masdan ang sa kanilang Mensahe! Matagal na silang naghihintay para sa isang

ipinangakong anak, hinintay iyon nang maraming taon. Ang Dios ay nagpakita kay Abraham ng maraming dakilang mga tanda at mga kababalaghan, ngunit heto ang Dios ay bumaba Mismo na kagaya ng isang tao!

236 Sasabihin mo, “Iyon ay isang Angel.”

237 Tinawag Siya ni Abraham na, “Panginoon,” malaking P-a-n-g-i-n-o-o-n. Kahit sinong mambabasa ng Biblia ay nakakaalam na ’yung malaking P-a-n-g-i-n-o-o-n ay si Elohim. “Sa pasimula ang Dios,” Panginoong Dios, Elohim, ang Nag-iisang sapat sa lahat. Tinawag Siya ni Abraham na, “Panginoong Dios, Elohim.”

238 Ngayon pansinin, may dalawang taong nagpunta doon sa Sodoma na may dalang mensahe, at sila’y nangaral sa mga taga-Sodoma. Wala silang ginawang ano pa man, kundi binulag sila; na, ang pangangaral ng Ebanghelyo ay talagang bumubulag nga sa hindi mananampalataya.

239 Subalit masdan kung anong uri ng tanda ang tinanggap ng grupo ni Abraham!

240 Ngayon, tayo ay ipinapalagay bilang maharlikang Binhi ni Abraham, si Isaac ang likas na binhi. Ngunit ang pananampalatayang Binhi, ang pananampalataya sa ipinangakong Salita, ang *ipinangakong* Salita (’wag n’yong palampasin Ito) ay iyang maharlikang Binhi; iyon ang Binhi, ang pananampalataya ni Abraham. “Tayong mga nangamatay kay Cristo, tayoy Binhi ni Abraham, mga tagapagmana kasama niya ayon sa pangako.”

241 Pansinin nang ang lahat ng iyan ay nagaganap, doon sa Sodoma may dalawang ministro doon na nangangaral na may dakilang mensahe.

242 May Isang nakaupo sa itaas dito na kasama ang grupo ni Abraham na hindi nakipaglokohan sa grupong iyon na nasa ibaba doon. Ngayon masdan ’yung Isa na nanatiling kasama ang grupo ni Abraham, anong uri ng tanda ang Kanyang ibinigay sa kanila. Sinabi Niya . . . Ngayon, alalahanin, ang pangalan niya ay Abram ilang araw bago iyan; at S-a-r-r-a, hindi S-a-r-a-h (prinsesa). At ang Taong ito, na ang Kanyang likod ay nakatalikod sa tolda . . .

243 Ang mga babae noon ay kakaiba kaysa kung ano sila ngayon. Kinakailangan nilang lumabas at makialam sa gawain ng kanilang asawa at lahat ng iba pa, alam n’yo na. Pero hindi nila ginagawa iyon noon; nanatili sila sa likuran lang.

244 Kaya sila . . . kaya silang mga Anghel nakaupo doon. Ang Mensahero, at sinabi Niya, “Abraham, nasaan ang iyong asawang si (S-a-r-a-h) Sarah?” Pa’no Niya nalaman ’yon? Paano Niya nalaman ’yon?

245 Sinabi ni Abraham, “Siya’y nasa loob po ng tolda sa likuran Mo.”

246 Sinabi Niya, “Dadalaw Ako sa iyo ayon sa panahon na ipinangako Ko sa iyo. Dadalaw Ako sa iyo.” At si Sarah ay para bang napatawa sa kanyang sarili.

247 Habang Siya’y nakatalikod sa tolda, at sinabi Niya, “Bakit tumawa si Sarah, nagsasabing, ‘Paanong mangyayari ang mga bagay na ito?’” Kung hindi siya na kay Abraham, ang nobya nito nang oras na iyon, maaaring pinatay na siya ng Dios. Maaaring gayon din tayo ngayon kasama ang lahat ng ating kawalang-pananampalataya, kung wala tayo kay Cristo. Iyan ang nagpapanatili sa atin doon mismo, kita n’yo. Hindi Niya maaaring saktan o maaaring kunin si Sarah nang hindi sinasaktan si Abraham. Kita n’yo?

248 At kaya alalahanin, sinabi ni Jesus, “Tulad noong mga araw ng Sodoma, gayon din ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng tao.” Nakikita nating ang lahat ay sumasang-ayon na ang mundo ay nasa Sodomang kalagayan na. May nadampot akong isang diyaryo ng Los Angeles dito hindi pa katagalan, at ang sabi, palagay ko iyon ay “Ang mga bakla’t tomboy ay tumataas na ng dalawampu o tatlung porsiyento sa Los Angeles, bawat taon tumataas nang ganyan karami.” Ito’y . . . Oh, grabe na ito! Sa ating pamahalaan at kahit saan, lahat na lang ay nagiging baluktot. Tama ’yan! Ang buong sitwasyon, ang buong sistema, ang iglesya at lahat-lahat na ay binaluktot. Ito’y nasa binaluktot na kapanahunan.

249 Ngayon may nais akong itanong sa inyo na mga teologo, mga kapatiran ko. Hindi sa ako’y nagsasalita laban sa inyo, minamahal kong kapatid; narito ako para tulungan kayo, kapatid. Narito ako para tayuan kung ano ang sinabi ng Salita ng Dios na tama, hawakan ang inyong kamay at dalhin itong maraming tao palabas sa kabalbalang ito. Tama!

250 Ngunit tingnan n’yo rito, hindi pa tayo kailanman nagkaroon ng mensahero doon sa Sodoma noon na ang kanyang pangalan ay nagtapos sa isang h-a-m hanggang ngayon. Tayo’y nagkaroon na ng isang Spurgeon, isang Wesley, isang Luther, at lahat-lahat na, ngunit wala pang pangsandaigdigan na mensahero na ang kanyang pangalan ay nagtatapos sa h-a-m, noon. Tama ’yan! Kita n’yo, G-r-a-h-a-m, anim na titik, G-r-a-h-a-m, Billy Graham; iyang kilalang ebanghelistang dakilang gawa ng Dios, ang taong ’yon ay isinugo mula sa Dios. Siya’y bihasang-bihasang-tungkol sa pag-aaring-ganap, at niyuyugyog niya ang bansa sa pamamagitan niyon, kita n’yo, gaya niyan. Wala pang . . .

251 Masdan si Oral Roberts sa Pentecostal na denominasyon. Kailan pa nagkaroon ng isang katulad niyan?

252 Anim na titik, hindi pito. Ang Abraham ay A-b-r-a-h-a-m, pito. Ang Billy Graham ay G-r-a-h-a-m, anim.

253 Ngayon tingnan ang mga mensahero. Tingnan ang panahong ating kinalalagyan, wala pa ni minsan sa kasaysayan. Tingnan ang gayon ding mga tanda na Kanyang ipinangakong ibibigay sa bawat grupo. Tingnan kung nasaan na sila. Gayon pa rin, talagang tama, batay sa pagkakalagay, nakalagay sa tamang kaayusan. Ang kalikasan, ang mundo, lahat, nakalagay nang talagang tama sa panahon.

254 Ngayon huwag kaligtaan Ito, habang ating inilalarawan ang natira pa nitong Kasulatan! Dadalian na ngayon, dahil masyadong matagal ko na kayong pinaghihintay. Tawag. . . Tingnan n'yo rito. At sang-ayon sa propeta, siya'y dumating nang sadyang tamang-tama sa Salita, sadyang tamang-tama sa panahon.

255 Ngayon masdan ang kapanahunan ngayon na ating kinabubuhayan. Hindi ba tayo'y nabubuhay diyan sa mismong panahon ng Sodoma? Bantayan ang mensahero doon sa grupo ni Abraham. Bantayan ang mga bilang, ang mga titik, at ang pag-aaral ng bilang ng kanyang pangalan. Sasabihin mo, "Wala namang kung ano sa pangalan." Huwag na huwag ninyong hayaan ang kahit sino na magsabi sa inyo niyan. Bakit Niya pinalitan ang pangalan ni Abram, ng Abraham, ang Sarra ng Sarah? Bakit Niya pinalitan ang Simon ng Pedro, at ang lahat nang iba pa? Kita n'yo? Tiyak na mayroon. Tiyak nga!

256 Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi kong huwag na huwag ninyong tawagin ang inyong anak na "Ricky," o kaya "Elvis," o kung ano pa man. Ang ibig sabihin ng *Elvis* ay "pusa," ang *Ricky* ay isang "daga." Kita n'yo, kapag sinabi mo. . . Iyan ay talagang tama nga. "Les," o kung ano pa man, huwag na huwag ninyong tawagin ang isa sa inyong anak. . . mga anak nang ganyan. Kung ganyan na, palitan n'yo na ito kaagad, kayong mga tao. Huwag ninyo. . . Kayo na. . . Kung kayo'y naniniwala sa akin na isang alagad ng Dios, huwag n'yong ikabit ang pangalang iyan diyan sa kawawang bata. Kita n'yo? Huwag, po, bigyan n'yo siya ng ibang pangalan maliban diyan. Naku! Hindi na ako dapat nagsimulang magsalita tungkol diyan, dahil malayo na ako sa aking paksa, pero sinabi ko na 'yon at tapos na lahat iyon. Ako. . . Ganyan mo nagagawa, hindi mo alam kung kailan mo nasasabi iyon. Kita n'yo?

257 Tinawag Siyang, "Kakaiba, isang manghuhula, isang diablo, isang Beelzebub," at ang sabi, "Ginawa Niyang Dios ang Kanyang Sarili." Oh, naku!

258 Hindi ba't sinabi ni propeta Isaias, "Siya ay tatawaging ang Makapangyarihang Dios"? Isaias 9:6, "Sa atin ay ipinanganak ang isang bata, ibinigay ang isang anak na lalaki, at ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang mga balikat, at ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, at Makapangyarihang Dios, ang walang hanggang

Ama.” Tama iyan! Saka, San Juan 1:1, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa-Dios, at ang Salita ay Dios. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.” Kayo ba’y naniniwala diyan? Siya ay hindi lang. . . Siya ay isang propeta, subalit Siya’y higit pa sa isang propeta; Siya ang Dios na propeta. Bakit kinailangan Niyang dumating?

²⁵⁹ Alalahanin, Siya’y dumarating sa tatlong pangalan ng pagka-anak. Una Siyang dumating sa pangalan ng Anak ng tao. Hindi Niya kailanman tinawag ang Kanyang Sarili na “Anak ng Dios.” Alam ninyo ’yan. Tingnan, Siya’y dumating bilang Anak ng tao, isang propeta. Si Jehovah Mismo, ang Ama, ay tinawag si Jeremias na, “anak ng tao”; ang isang propeta ay anak ng tao. Siya’y dumating. . .

²⁶⁰ Ngayon Siya’y dumating matapos ang Araw ng Pentecostes, Siya’y bumalik sa anyo ng Banal na Espiritu, supernatural na Espiritu. Ngayon Siya’y Anak ng Dios.

²⁶¹ Sa Milenyum Siya’y magiging Anak ni David, nakaupo sa trono ni David. Kita n’yo, Siya’y dumating sa. . . Siya’y Anak ng Dios, Anak ng tao, Anak ni David.

²⁶² Oh, ang Biblia ay puno nitong mga mahahalagang butil. Hindi natin sila lahat matatapos sa isang gabi. Ngunit sadyang tama lang na isaayos ito ngayon. Ang bukas ay maaaring hindi na bumukang-liwayway. Baka tayo’y pumanaw na bago pa dumating ang bukas. Ako’y maaaring nangangaral sa isang tao na mamamatay na bago pa mag-umaga. Ako’y maaaring pumanaw na bago pa mag-umaga. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi ’yan kathang-isip, ’yan ay totoong mga pangyayari! Hindi natin alam kung kailan tayo papanaw, at hindi ka na magkakaroon pa ng anumang pagkakataon pagkatapos lisanin ng huling hiningang ’yan ang iyong katawan. Itama mo iyon ngayon, ’wag nang hintayin pa ang umaga, baka sobrang huli na.

²⁶³ Pansinin ngayon, ginawa nila sa Kanya nang sadyang tamang-tama kung ano ang sinabi ng mga propeta na gagawin nga nila, gaya din lang ng kanilang ginagawa dito sa katulad ding araw na ito ng Kapanahunan ng Laodicea. Kung nais ninyong tingnan iyon, basahin ang Apocalipsis 3, “Bulag, hubad, at hindi alam iyon. Itinatakwil si Cristo. . .” Kapag Siya’y nagsimulang ipahayag ang Kanyang Sarili sa pagka-binhing kaanyuan muli, ang siya ring isa na nahulog sa lupa ay bumalik para maging Nobya; tanging ang Nobya at ang Nobyo lamang, ay iisang laman at dugo, ang siya ring ministryo, at ang gayon ding mga bagay, ginagawa nang sadyang tamang-tama kung ano ang Kanyang ginawa; ang Espiritu.

²⁶⁴ At heto sila’y nanggagaya at gumagawa ng lahat ng iba pang mga bagay, at bawat isa ay nagkaroon ng sariling aklat at nagpapakalat, at *nito*. Oh, wala pa kayong narinig na mga ganoong klaseng sensasyon! At. . . [Si Kapatid na Branham ay

humingang malalim sa kanyang ilong—Pat.] “Naaamoy ko ang isang diablo ngayon.” Lahat ng *ito, iyan*, talagang sadyang wala sa kasulatan!

265 At ang tunay na bagay na nakalatag mismo doon sa kanilang harapan, kanilang nilalayuan, “Hindi sila kaanib sa organisasyon ko.” Naku, naku, sadyang, kita n’yo, sadyang bulag na nag-aakay ng bulag. Hindi ba silang lahat ay mahuhulog sa hukay? Binulag ng makadenominasyong mga tradisyon ng tao, kanilang inilagay Siya sa labas ng kanilang iglesya ayon sa sinabi ng Dios na kanilang gagawin, sa Apocalipsis 3; katulad pa rin ng dati, gaya ng iprinopesiya.

266 Pansinin kung paano ni Jesus mis... ipinakilala ang Kanyang Sarili sa mga disipulong ito, ngayon, at tayo’y magtatapos na. Itong dalawang disipulo, si Caifas . . . Cleopas, pala, at ang kanyang kaibigan. Ngayon tayo’y nasa pagkabuhay na mag-uli, ang umaga pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, ang unang pagkabuhay na mag-uli; kay-gandang umaga, si Jesus ay bumangon na mula sa mga patay at nabubuhay sa gitna ng Kanyang mga tao. Kay-gandang kaisipan!

267 Siya’y nariritong gayon pa rin ngayon tulad ng kung ano Siya nang araw na iyon, sapagkat Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at mag . . . At inihahayag ang Kanyang Sarili nang higit ngayon kaysa sa ginawa Niya sa alinmang ibang kapanahunan magmula pa nang araw na iyon; dumaan sa trigo saka tangkay saka talukap (ay nakaraan nang lahat ngayon), tayo’y nasa trigo na naman. Kita n’yo, tayo’y bumalik na uli sa butil.

268 Ipinakilala bilang . . . alam . . . Masdan kung paano Niya ipinakilala ang Kanyang Sarili sa mga taong ito, ngayon, alalahanin, bilang kanilang Mesiyas (sandali na lang bago tayo magtapos) ng ipinangakong Salita ng takdang kapanahunan. Pansinin! Siya’y nagpakita sa, sa mga . . . gaya ng Kanyang sinabing Kanyang gagawin, sa mga propeta. Pansinin, “Mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya na ang lahat ng isinulat ng mga propeta tungkol sa Kanya ay kailangang matupad.”

269 Masdan Siya! Tumutukoy Siyang pabalik mismo sa Salita ng Dios, hindi Siya kailanman lumabas agad at sinabi sa kanila, “Hindi ba ninyo Ako kilala? Ako ang Mesiyas na nabuhay na mag-uli.” Hindi Niya kailanman sinabi ’yan. Kita n’yo, ibinigay lang Niya sa kanila ang Kasulatan; gaya ng ginawa ni Juan, at ng iba pa sa kanila. Kita n’yo? Kanya lang . . . Sila mismo kailangan nilang unawain iyon. Kailangan nilang hatulan sa kanilang mga sarili. Ngayon, ’wag kayong matulog, hatulan ninyo sa inyong sarili.

270 “Mga taong haling, makukupad ang mga pusong magsisampalataya na ang lahat ng sinabi ng mga propeta ay

kailangang matupad.” Anong saway sa kanila na nagpahayag na kilala nila Siya. Kita n’yo?

271 Pansinin kung paano Niya hinarap ang usapin. Hindi Siya kailanman lumabas agad, gaya ng sinabi ko ilang sandali kanina, at sinabi, “Aba, hindi ba ninyo alam Ako ang inyong Mesiyas para sa kapanahunang ito? Hindi ba ninyo alam na Ako Siya?” Ang totoong lingkod ng Dios ay hindi kailanman ipinakikilala ang kanyang sarili sa ganyang pamamaraan; ang Kasulatan ang nagpapakilala kung sino siya. Tiyak, gagawin nga niya. Kundi tinawag ang kanilang pansin sa kung ano ang sinabi ng mga propeta na dapat tingnan sa kapanahunan ng Mesiyas. Nakikita n’yo ba ito? Balikan n’yo uli agad: “Mga taong haling, at makukupad ang mga puso, na hindi magsisampalataya na ang lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Mesiyas ay kailangang matupad.”

272 Siya, gaya ni Juan, ay hinayaan ang Salita ng Biblia na kilalanin Siya, kung ano Siya sa kanila. Ginawang napakalinaw na dapat niyan. Kung ang Salita ay kinilala Siya, pinalinaw na dapat niyan nang husto kung Sino ang pangako na kanilang hinahanap. Alam nila na kinailangan niyang . . . kailangang may isang dumating sa tagpo nang panahong iyon.

273 Aba, ang sabi Niya, “Ngayon hayaan n’yong ipakita Ko kung ano ang sinasabi ng Salita na dapat mangyari sa panahong ito.”

274 Hindi ba ako, ngayong gabi, nagsisikap na sabihin sa inyo, nang Salita sa Salita (maging hanggang sa katungkulan, sa lugar, sa mga pangalan, sa mga numero, lahat-lahat na, at sa lahat ng mga tanda, mga oras, at lahat na), na tayo’y naririto na mismo sa huling panahon? Tiyak na inyong nakikita kung tungkol saan ang sinasabi ko. Kita n’yo? Masdan! Sa sobrang linaw niyan hindi na kailangan pang kilalanin. Kanyang sinabi, noong nandito pa Siya sa lupa, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sa mga yaon ay iniisip ninyong kayo’y may Buhay na Walang Hanggan, ang mga ito ang kung ano . . . ang mga ito’y nagpapatotoo kung ano Ako, kita n’yo, kung sino Ako.”

275 Pansinin, Siya’y nagsimula kay Moises na propeta, isang propeta, Deuteronomio 18:15. Tinitingnan ko ang Mga Kasulatan dito. Deuteronomio 18:15, ang sabi ni Moises, “Ang Panginoon ninyong Dios . . .”

276 Kita n’yo, nagsalita ang Dios sa kanya sa tuktok ng bundok. At, oh, naku, ang pagdagundong; sinabi nila, “Hayaan—hayaan ang Panginoon . . . Hayaang si Moises ang magsalita, hindi ang Dios, baka mamatay kami.”

277 Kanyang sinabi, “Tama ang sinabi nila. Ako’y . . . Hindi na Ako magsasalita pa sa kanila nang paganito, ngunit Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta.” At iyon na iyon pa rin ang Kanyang mensahe mula pa noon magpahanggang ngayon. Iyan ang kailangang magsaayos ng buong bagay sa bandang

huli. Ito'y kailangang maging gayon, sapagkat ang Salita ng Panginoon ay kailangang dumating sa propeta. Tanging sa gayong bagay lang Ito maaaring dumating. Kung hindi, sinisira nito ang Salita ng Dios at pinapagsasalita Siya ng maling bagay. Kita n'yo? Hinding-hindi Ito pupunta sa isang seminaryo. Pumupunta Ito sa isang propeta. At ang propeta ay isinusugo mula sa Dios, itinalaga. At kung paano mo nalalamang gayon nga, at hindi kung ano ang sinabi nung tao, . . .

²⁷⁸ Nagkaroon na tayo ng mga Elias, at mga balabal, at lahat-lahat na, at mga balabal na walang manggas, at lahat na ng klase ng mga bagay na walang-kuwenta, at nauwi na sa pag-oorganisasyon at lahat-lahat na.

²⁷⁹ Subalit may darating sa mundong ito, sa pamamagitan ng pangako ng Dios, na isang tunay na lingkod ng Dios, ipinakilala ng Dios (sa pamamagitan ng Kanyang Salita bilang tugon sa panahong ito), na maglalagay sa Nobya sa kaayusan (isang tunay na maliit na bilang ng iglesya) at dadalhin ito paitaas. Tama 'yan! Kanyang ipakikilala, "Narito, hayan yaong Isang sinabi Ko, kita n'yo, na darating."

²⁸⁰ At ang lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Kanya, at para sa kapanahunang ito, aba talagang magiging kaayaya na marinig Siyang sinasabi 'yan. Hindi ba ninyo nais na marinig Siyang sinasabi ito? "Ang sinabi ng lahat ng mga propeta tungkol. . ." Alalahanin, sinabi Niya kung ano ang sasabihin ng mga propeta tungkol sa Kanyang Sarili, sinisipi ang Kanyang Sarili, kung ano ang Kanyang sinabi (at Siya ang Salita); sinisipi.

²⁸¹ Ngayon ating pakinggan ang Mga Salita na sinipi Niya. Nais n'yo bang marinig kung ano ang sinabi Niya sa kanila? Ating sundan lamang ang kanilang pag-uusap ngayon, sandali na lang bago tayo huminto.

²⁸² Ngayon, sila'y pinabatiran na tungkol sa lahat ng huling mga pangyayari ng pagpapako sa krus, ng kasaysayan doon sa libingan at sa libingang bato, at ang mga babae ay nakita Siya, at ang isa pa ay nagsabing nakita nila Siya, at kung ano ano pa. Sinabi Niya. . . Kanilang—kanilang pinabatiran Siya tungkol diyen. At Siya'y nagpatuloy sa Salita tungkol. . . sinisipi ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Salita:

"Ngayon tingnan sa Zacarias 12." (Malamang ay sinipi Niya ang Zacarias 11:12.) "Sapagkat Siya'y ipinagbili sa halagang tatlumpung pirasong pilak. Hindi ba't ang Mesiyas ay ipinagpapalagay ngang ipagbibili sa halagang tatlumpung pirasong pilak?

"Sa Mga Awit 41:9, Siya'y ipinagkanulo ng Kanyang mga kaibigan. Kita n'yo?

"Zacarias 13:7, tinalikuran ng Kanyang mga alagad.

“Sa Mga Awit 35:11, inakusahan ng mga bulaang testigo.

“Pagdating sa Isaias 35:7, pipi sa harap ng Kanyang mga tagaparatang, hindi kailanman ibinuka ang Kanyang bibig.” (Sige, po.)

“Isaias 50:6, Siya’y hinagupit.

“Mga Awit 22—22, Siya’y sumigaw sa krus, ‘Dios Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?’ Ang lahat ng Aking mga buto sila’y nakatitig sa Akin. Binutasan nila ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa.” (Tingnan n’yo ang mga naipapahayag Niyang propesiya!)

“Isaias 9:6, Sa atin ay ipinanganak ang isang bata, isang birhen ang maglilili, at iba pa.

“At gayon din sa Mga Awit 22:18, sila—sila—sila’y pinaghahati ang Kanyang mga damit sa gitna nila.

“Sa Isaias 7:14, isang birhen ang maglilili.

“Mga Awit 22:7 at 8, ginawa Siyang isang . . . kinutya ng Kanyang mga kaaway, ang Kanyang . . . ipinagpapalagay pa namang mga kaibigan Niya; ang Kanyang mga kaaway, ang iglesya.

“Sa Mga Awit 22 muli, Siya’y . . . wala ni isang buto ang mababali, ngunit binutasan nila ang Kanyang mga kamay at ang Kanyang mga paa.

“Isaias 53:12, namatay kasama ng mga salarin.

“Sa Isaias 53:9, nabugbog, at inililing kasama ng mayamang kapatirang lalaki.

“Sa Mga Awit 16:10, Siya’y nabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Gayon nga ang sinabi ni David, ‘Hindi Ko hahayaan na Ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan, ni Aking iiwanan ang Kanyang kaluluwa sa Hades.’ Siya’y binuhay mula sa mga patay.

“Malakias 3, si Juan Bautista ang Kanyang tagapagpauna.”

²⁸³ At ang lahat ng mga tipo na maaaring dinaanan Niya! Maging ang kay Isaac bilang katipo Niya sa itaas ng Bundok . . . sa itaas ng bundok kung saan siya dinala ng kanyang amang si Abraham, sa Genesis 22.

²⁸⁴ Ngayon pa lang kung kailan nila nasisimulang makita kung sino ang tumupad sa Mga Kasulatang ito na ipinangako sa panahong ’yon. Noon pa lang nila, kung kailan gumagabi na, nasimulang makita. “Oh! Buweno, sandali lang! Alam n’yo ba kung ano?” Saka nila nalaman na ang ipinakong Kaibigan nila, si Jesus, ay ang Propetang iyon na ipinangako. Nalaman nila sapagkat . . . Kita n’yo, hindi pa sila napabatiran noon tungkol sa Mga Kasulatan.

²⁸⁵ “Subalit, heto, ang lahat ng mga bagay na ito na inaasahang dapat mangyari doon sa krus, ang lahat nitong mga bagay. Mga

taong haling, makukupad ang mga puso na mapag-unawa ang lahat ng sinabi ng mga propeta; kung papaano na ang Mesiyas ay magdurusa, at papasok sa Kanyang kaluwalhatian, at babangon sa ikatlong araw.”

²⁸⁶ Gayon pa man sila’y nagpapatuloy pa rin. “At tama ’yan. Sinasabi kong Siya—Siya. . . Hindi ba’t nag-alab ang ating mga puso sa loob natin?” sabi nila. Hindi kataka-takang ang kanilang mga puso’y nag-alab! Ang mga propesiya na Kanyang ibinibigay iyon ay naisakatuparan.

²⁸⁷ Saka sila nagsimulang makaunawa na ang kanilang Kaibigan, ang Taong kasama nilang kumain, nakakuwentuhan, nakahalubilo, kasamang nangisda, nahiga sa kakahuyan, na ’yung tumupad sa bawat Salita ng ipinangakong panahon! Hayun nga iyon. Sila’y nakapaglakad ng anim na milya, iyon ay para bang napakaiksing panahon, palagay ko, at sila’y nakapakinig ng isang anim-na-oras na pangangaral tungkol sa pinatunayang propesiya (mas mahaba nang kaunti kaysa sa kung anong mayroon tayo ngayong gabi, kita n’yo). Noon ay medyo papagabi na, dumating na ang panggabing mga Liwanag.

²⁸⁸ Iyan ay katulad ding panahon ngayon, iglesia! Ang panggabing mga Liwanag ay dumating na! Mga Hebreo 13:8, “Siya’y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Oh, ang mga pangyayaring ginawang malinaw sa pamamagitan ng propesiya, gayon pa rin ngayon. Ang panggabing Liwanag na ipinangako ng propeta ng Dios, sa Zacarias 14:7, ay maaaring buksan muli ang mga mata ng totoong mananampalataya sa mga pangyayaring nagaganap ngayon, na pinatunayan ng mga propesiya na tayo’y nasa huling panahon na. Si Jesus ay darating na.

²⁸⁹ Ang mismong. . . Ito’y . . .

²⁹⁰ Sinabi niya, “May darating na araw na hindi matatawag na gabi o araw.” Sabi niya, “Subalit sa gabi’y magli-Liwanag.” Ngayon, alam natin, batay sa heograpiya, ang sun [araw—Trans.] ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. Ngayon, ang propeta ay nagsabi, “Magkakaroon ng isang mahabang agwat ng panahon na magiging malamlam, na tila ba isang . . . hindi maaaring tawagin na araw o kaya gabi; iyon ay tila ba isang madilim at makulimlim na araw.”

²⁹¹ Ngayon, saan ang Son [Anak—Trans.] sumikat? Ano. . . Iyan ang S-o-n [A-n-a-k—Trans.] na ating pinag-uusapan ngayon. Na ang likas na s-o-n [a-n-a-k—Trans.] ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. Ang mismong siya ring Dios, mismong siya ring Anak, pala. At ang S-o-n [A-n-a-k—Trans.] ng Dios ay unang sumikat sa silangan, sa taga-silangang mga tao.

²⁹² At ngayon pagkaalis Niya, ano ang kanilang ginawa? Pagkalipas ng tatlong daang taon, sinimulan nila ang kanilang unang organisasyon, ang iglesyang Romano Katoliko. Sa

kahabaan ng Panahon ng Kadiliman sila'y dumaan, at lumabas naman sila. Ano'ng kanilang ginawa? Ang gayon ding bagay. Ito'y naging isang araw ng. . . Ito'y hindi pa tinatawag na araw o kaya'y gabi. Nagkaroon sila ng sapat na mga kautusan, at sila'y naniwala na Siya ay ang Anak ng Dios, at lumakad sa liwanag ng kung anong mayroon sila, gumawa sila ng kanilang mga simbahan, sila'y nagtayo ng mga pagamutan at mga eskuwelahan at iba pa, at mga seminaryo, pinag-aral ang kanilang mga anak sa paaralan.

²⁹³ Ngunit ang sabi ng propeta, “Magkakaroon ng Liwanag muli sa bandang gabi. Ang Anak ay susungaw muli, maglili-Liwanag.” Ano? Ang siya ring Son (S-o-n) [Anak, A-n-a-k—Trans.] na nahayag sa laman sa oras ng umaga, noon doon, ay muling ihahayag sa oras ng gabi.

²⁹⁴ Ngayon ihambing ang San Lucas 17:30, “At sa araw na yaon, tulad noong mga araw ng Sodoma, ang kalagayan ng mundo, sa panahon na ang Anak ng tao ay inihahayag.”

It shall be Light about the evening time,
The way to Glory you will surely find.

²⁹⁵ Oh, naku! Mga tao, nasaan na ba tayo?

Nations are breaking, Israel's awak'ning,
The signs that the prophets foretold;
The Gentile days numbered, with harrows
encumbered; (Abangan siyang lumubog doon
sa dagat!)

Return, O dispersed, to your own.

The day of redemption is near,
Man's hearts are failing for fear;
Be filled with the Spirit, have your lamps
trimmed and clear,
Look up! your redemption is near. (Dapat
ngang maghanda na kayo.)

²⁹⁶ Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ito'y isang nakakatakot na panahon. Bantayan ang mga bagay na iprinopesiya, bantayang maganap ang mga bagay. Bantayan ang lahat ng mga propesiya na natutupad, saka natin makita kung ano ba ang tungkol sa lahat ng ito. Ito'y hindi isang bungkos. . . isang bahid ng kapanatikuhan. Ito'y ang Dios na pinapatotohanan ang Kanyang Mga Salita nang tamang-tama, tamang-tama. Ang Bato ay hinampas na, mga kaibigan, magtago Rito nang simbilis ng inyong makakaya. Ang propesiya ay nagpapatunay ng araw na ating kinabubuhayan ngayon.

²⁹⁷ Ating iyuko ang ating mga ulo. [Isang kapatid na lalaki ang nagsalita sa ibang wika. Isang kapatid na babae ang nagbigay ng interpretasyon. Isang kapatid na lalaki sa entablado ang nagsabi, “Maaari bang tayo'y manatili muna sa isang saglit lang? Ang Dios ay nangusap sa atin sa pamamagitan ni Kapatid na

Branham, at ang pagpapahid ay na kay Kapatid na Branham, at siya'y hindi pa tapos. At . . ." Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

²⁹⁸ Minamahal na Dios! Inyo bang napagtatanto ang araw na ating kinabubuhayan, mga kaibigan? Mangangahas ba kayong makipagtalo sa Dios? Sasabihin n'yo bang "Siya'y hindi tama," samantalang pinatunayan na Niya Ito? Siya ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag. Gusto n'yo ba Siyang paglingkuran?

Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo, at ang inyong mga puso'y nakayuko, kapatid na lalaki, kapatid na babae.

²⁹⁹ Maaaring ito na ang ating huling pagkakataon ng pagtitipon. Maaaring tayo'y hindi na kailanman . . . Kung ako'y makababalik isang taon mula sa araw na ito, kung ako'y buhay, maraming mga naririto ngayon ang mawawala na dito sa panahong iyon. At kinakailangan kong makatagpo kayo sa Hukuman at managot sa lahat ng sinabi ko ngayong gabi.

³⁰⁰ Sa harapan ng Dios, habang kayo'y nasa inyong matinong pag-iisip, maaari n'yo ba ngayong gawin ang ganito kahigit sa Dios? Kung alam ninyo na kayo'y . . . Tingnan lang ang inyong sarili sa salamin ng Dios (ang Biblia), maging sino ka man, at sabihin, "Alam kong ako'y kulang na kulang pa upang masabing anak na babae ng Dios, tingnan kung anong ayos ko. Ako'y kulang na kulang pa upang masabing anak ng Dios, tingnan kung anong ayos ko. Ngunit, Dios, ayaw ko po rito, ako—gusto ko pong magsikap tungo sa lugar na 'yon." Nais kong itaas ninyo ang inyong kamay sa Dios, basta maging sino ka man, saan ka man naroroon sa loob ng gusaling ito, "Opo, nais kong maging isang anak na lalaki ng Dios. Nais kong maging isang anak na babae ng Dios. Nais kong tuparin ang lahat ng ipinag-utos ng aking Panginoon." Ngayon kayo . . . Pagpalain kayo ng Dios. Palagay ko siyannapung porsiyento ng mga tagapakinig.

³⁰¹ Ngayon tingnan mo, kaibigan ko. Paano kung ikaw ay nabuhay sa mga araw kung kailang narinig mo si Juan na nangangaral? Paano kung ikaw ay nabuhay sa mga araw kung kailan naririto si Jesus? Kaninong panig kaya ang pinili mo? Kung ikaw ay nabuhay noong si Jesus . . . Alalahanin, kung Siya . . . Kung nabuhay ka noon doon, ito'y magiging katulad lang din ng sa ngayon. Ang siya ring Jesus ay ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Salita, kita n'yo, at Ito'y totoong kinaaayawan.

³⁰² Ngunit hayaang sabihin ko sa inyo, hindi ko sinisikap sabihin sa mga tao na iwanan ang kani-kanilang iglesya o kaya . . . Naku, gusto kong magsimba kayo, "Huwag pabayaang pagtitipun-tipon ninyo nang sama-sama." Kundi ang sinisikap kong sabihin sa inyong gawin ay ang piliting makapasok sa Kaharian ng Dios. Alisin ang mga bagay na ito, ang kamunduhan, iglesya . . .

³⁰³ Mga Pentecostal, kayong mga tao ay nagiging lalong makamundo. Kayo'y nagiging lubhang napapasunod sa mundo. Iyon ay sadyang madali lang, kayo'y patuloy na nanonood ng mga telebisyon at lahat nitong mga bagay-bagay, at kung paano ang kanilang ginagawa, at ang lahat ng *ito*, at bigla mo na lang mamamalayan... Ang mga seminaryo, ang mga paaralan ay nagsisimulang makipagkompromiso dito at doon, at *ito*, *iyon*, at ang *iba pa*, at bigla mo na lang mamamalayan... Kailangan nitong dumating sa ganyang kaparaanan. Ang Pentecostal na iglesia, ito'y noon pa ay malaking tagapagtaguyod ko na, wala akong masasabi laban dito. Subalit 'yan ang aking ipinagsisigawan, "Mga kapatiran ko, magsilabas kayo!" Tawagin... Kayo'y wala na ng mga pagtitipon na dati-rati'y mayroon kayo. Ang mga tao ay hindi na tulad ng kung ano sila dati. Ngunit si Jesus Cristo ay ganun pa rin, tayo'y kumilos papasok sa Kanya.

³⁰⁴ Ngayon, kayo na ang inyong mga kamay ay nakataas, alalahanin, may isang Bato na hinampas doon sa ilang, at ang bukal na 'yan ay nananatiling bukas pa rin ngayong gabi. Ang kanilang Bato ay nahampas na, si Cristo, Siya ang hinampas na Batong iyon.

³⁰⁵ At ngayong gabi, sa abot ng aking nalalaman, ang iglesia ay maaaring... Ang panahon ng pagtawag ay maaaring lumipas na, hindi ko alam, hindi ko masasabi 'yan. Alalahanin, ang mga tao ay nagpatuloy pa rin sa pagkakaroon ng mga pagtitipon, na tulad din lang, matapos ang pagpapako sa krus kay Jesus. At ang... at ang lahat ng mga tao, sila—sila'y darating, sila... Bantayan! Sila—sila'y magpapatuloy sa pangangaral, at sasabihing ang mga ito'y "naliligtas" at lahat na, na sadyang para bang... "Ang mundo ay patuloy na ganoon pa rin," sinasabi nila. Subalit iyon ay magiging huli na sa panahong 'yon.

³⁰⁶ Habang may pagkakataon ka pa, aking kapatid na lalaki; habang may pagkakataon ka pa, aking kapatid na babae; pumasok ka sa Kaharian ng Dios. Hindi mo kailangang pumasok sa ilalim ng kung anu-ano pang iba kundi matapat lang na pananampalataya para sampalatayanan ang Kanyang Salita. Siya ay ang Salita na iyon! "Panginoong Jesus, alam ko pong ako'y nakatingin sa aking sarili ngayon sa salamin ng Salita ng Dios; oh, gaano ako kakapos. Subalit, minamahal na Dios, dito ngayong gabi, sa Lunes na gabing ito, dito sa San Bernardino, California, sa loob nitong malaking bulwagan rito, ito ang—ito lang lahat ang kung anong mayroon ako, Panginoon, subalit ibibigay ko po ito sa Iyo. Maaari Mo po ba akong tanggapin kung ano man ako, Panginoon? Maaari Mo po ba akong tulutang tumakas patungo sa krus kaagad mismo? Akin pa ngang nakikita ang mga mensahero. Aking nakikita ang panahon, aking nakikita ang panawagan palabas ng Sodoma. Aking nakikita ang mga tanda. Aking nakikita ang grupo ni

Abraham na tinatanggap ang Liwanag. Aking nakikita ang pagpapakita, si Jesus na nahahayag muli sa aming kalagitnaan kagaya din noon. Nakikita ko po ang lahat ng mga bagay na Iyong ipinangako. Nakikita ko ang mga nanggagaya; nakikita ko po na Iyong sinabi iyan, ‘Tulad noong mga araw ni Moises,’ kung paanong ang Jambres at Jannes na ito ay magbabalik upang manggaya, at manatili pa rin sa gayon ding tambakan na kanilang kinalalagyan.”

³⁰⁷ Kita n’yo, hindi nila maaaring sundan si Moises sa pamamagitan ng Salita na iyon at ilabas mula doon ang mga anak na iyon patungo sa ilang, sapagkat sila’y may kaugnayan sa Ehipto. Hindi nila magagawa iyon, kahit na nagawa nila ang gayon ding mga gawang ginawa niya. Subalit ang kanilang kahangalan ay nahayag. At ang Biblia ay nagsasabi, iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON, “Ito’y mangyayari muli sa huling araw.”

³⁰⁸ At inyong nakikita ito ng sarili n’yong mga mata, kung kayo’y espirituwal. Ako’y . . . Hindi ko Ito maipaliwanag. Hindi ko na kailangang ipaliwanag pa Ito. “Ang Aking mga tupa’y nakikinig sa Aking Tinig.” Tayo’y pumaroon na sa Kanya ngayon, habang tayo’y may pagkakataon pa. Maaari n’yo bang gawin nga?

³⁰⁹ Kung kayo’y nangangailangan ng bautismo ng Banal na Espiritu, kung nangangailangan kayo ng isang muling pag-aalay, isang panibagong buhay; hindi kayo hahamakin ng inyong pastor, mamahalin niya kayo ng dahil diyan. Ibigay n’yo lang nang lubusan ang inyong mga sarili sa Dios ngayong gabi, habang tayo’y naririto. Hayaang . . . Opo, alam kong ito’y naging mahirap, nakakasakit, kakaiba, hindi ko ginagawa iyan para maging salbahe, ginagawa ko iyan para maging tapat. Ginagawa ko ’yan dahil mahal ko kayo, mahal ko ang Dios, at ginagawa ko ’yon upang sikaping matulungan kayo. At sa totoo, kaibigan, ako—ako—ako’y naniniwala . . . At sa aking buong puso, sa aking buong pananampalataya, ako’y naniniwala na ang aking Mensahe ay nanggagaling sa Dios. Ito’y—Ito’y noon pa pinatutunayan na sa inyo, sa loob ng maraming taon.

³¹⁰ Ngayon makinig, ngayong gabi isuko n’yo ang lahat ng nasa inyo, ang lahat ng inyong mga pangangailangan. Ako’y naniniwala, na kung may isang tunay, na nakasukong puso, kung kayo’y tatayo lang sa inyong mga paa, at itataas ang inyong mga kamay sa Dios, at sasabihin, “Minamahal na Dios, narito po ako. Tanggapin Mo po ako, Panginoon. Hinding-hindi ko na po susubuking gamitin ang sarili kong kaisipan at ang sarili kong pakahulugan. Ang Iyong Salita ay nagsasabi na ako’y dapat na maging ‘banal, ako’y dapat na maipanganak muli, ako’y dapat na mapuspos ng Espiritu, at pagkatapos ay gagabayan ako ng Espiritu patungo sa buong Katotohanan.’ Minamahal na Dios, narito po ako, gabayan po ako.” Maaari n’yo bang gawin ang

ganyan? Kung gagawin n'yo iyan, pakitaas ang inyong kamay, sabihin, "Ako'y nakahandang gawin 'yan, ako'y nakahanda na."

311 Kung gano'n magsitayo tayong lahat sa ating mga paa.

Just as I am, without one plea,
But that Thy Blood was shed for me,
And that Thou bids me come to Thee,
O Lamb of God, (ang tanging Pintuan ng
Dios) . . . come! I . . .

Ngayon alisin ang lahat ng inyong gawain, ang lahat ng iba pang bagay, ang inyong pagkapagod, lahat na . . . Paano kung naghihingalo ka na ngayon?

Just as I am, Thou will receive,
Will welcome, pardon, cleanse, receive;
Because I . . .

Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, sa bersong ito ngayon?

I promise, I will believe,
O Lamb of God, I come! I come!

312 Ngayon habang ang organista ay nagpapatuloy—nagpapatuloy sa pagtugtog, hayaang ang bawat isa sa atin . . .

313 Mga kabataang tinedyer, gusto n'yo bang maging kagaya nitong nasa labas ng lansangan, itong pulutong ng mga basagulero?

314 Kapatid na babae, gusto mo ba ang maiksing buhok, samantalang iyong Nazareong dangal sa Dios ang magkaroon ng mahabang buhok? "Kahiya-hiya sa kanya ang putulin ang kanyang buhok." Magsusuot ka ba nitong mga kung anong klaseng maiikling mga palda at mga bagay-bagay na kanilang pinagsusuot ngayon, itong—itong malaswang damit, na ang katawan mo'y nakabakat na rito, doon sa labas ng kalye? Alam mo bang ang bawat lalaki na mapatingin sa iyo ay nagkakasala na ng pakikiapid sa iyo sa kanyang puso? At inihaharap mo ang iyong sarili nang ganyan. Alam n'yo ba, mga kababaihan, kayong mga nagpapahid ng kolorete, may nag-iisang babae lang sa Biblia na nagpahid ng kolorete? At ang Dios ay ipinakain siya sa mga aso. Isang Jezebel, isang pangalan na mula pa noong panahon niya ay kinasusuklaman na, dahil sa kanyang mga pagkilos nang ganyan. Alam n'yo bang si propeta Elias ang siyang nagsumpa niyan at tinawag siya sa kanyang paraan? Alam n'yo bang si Herodias ang siyang habol ni Juan Bautista? Kayo ba . . . Hindi n'yo nais na maging ganyang maka-Hollywood na bagay ng sanlibutan. "Kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Dios ay wala sa inyo."

315 Kapatid na lalaki, kaibigang ministro, wala . . . Pakiusap unawain n'yo ako, ako'y inyong kapatid na lalaki. Gusto n'yo bang makihalubilo ang inyong sarili, at kayong mga iglesyang

kasapi ng ilang iglesya (Methodist, Baptist, o maging ano pa man kayo dati), gusto n'yo bang patuloy na nakakapit diyan sa denominasyong iyan dahil ang inyong ina at ang inyong lola ay kumapit diyan? Siya'y lumabas sa kung anong bagay para makapasok sa ganyan, iyan ay ang Liwanag ng panahong iyon; iyan, tulad din sa mga panahon ni Noe. Ito'y ibang panahon na.

316 Sasabihin mo, "Aba, ako'y nagka . . ."

317 Hindi ito ang araw ng Pentecostes. Ang kapanahunang Pentecostal ay lumipas na. Ang Pentecostes ay wala na, panahon na ito ng pag-aani. Kita n'yo? At ang panahon ng pag-aani, ang butil; ang tubig ay tapos nang idilig, ang butil ay nahihinog na. Pumasok ka sa butil, mahal kong kapatid na lalaki. Pakinggan n'yo ako, paniwalaan n'yo ako, kung kayo'y naniniwala sa akin bilang isang alagad ng Dios, hayaang ang bawat isa, sa ating sariling paraan, iyukod natin ang ating ulo na may pagpapakumbaba at ialay ang panalangin na ating—na alam nating dapat nating ialay, "Dios, tanggapin Mo po ako sa kung ano ako."

318 At kapatid na lalaki, kapatid na babae, inilalatag ko ang aking sarili sa dambana ngayong gabi, rin: Dios, hulmahin Mo po ako at gawin akong iba. Gumawa Ka po ng kahit ano, Dios, gawin Mo po ako ayon sa Iyong kagayakan.

319 Sa palagay n'yo ba madali lang ang tumayo dito at saktan ang mga tao nang ganyan? Ito ay isang bagay na mahirap gawin. Ngunit sa aba ko kung hindi ko ito gawin.

320 Minamahal na Dios, habang itong mga tagapakinig ay nagsisiyukod ng kanilang mga ulo at puso, sa mataimtim na mga sandaling ito dito sa pagsasara nitong pagbabahagi sa Biblia; kapag aming nakikita ang pagpapatunay ng Espiritu Santo na yumugyog sa bansang ito nang pabalik-balik, at pabalik-balik, mga dakilang rebaybal at mga palatandaan, nalalaman na may bagay na kailangang maging kasunod niyan. At saka makita ang pitong Anghel na iyon na bumaba doon sa tuktok ng bundok na 'yon doon sa Arizona, kung kailan maging ang mga magasin sa bawat panig ng bansa ay ibinalita Ito. Ang makita si Jesus Mismo doon sa kalangitan, nakatingin sa ibaba, at nagsasabi na, "Sa Apocalipsis 10:7, sa Mensahe ng ikapitong anghel, itong mga tatak ay mabubuksan, ang mga hiwaga ng Dios ay ihahayag na." Na ang mga repormista ay hindi nangabuhay nang mahaba-haba upang—upang mailabas ito. At dito, itong pitong tatak na siyang nagselyo sa buong pangyayari ay bubuksan na sa panahong ito. Ang makita ang lahat nitong dakilang mga tanda at mga kababalaghan na naisagawa, napatunayan, naipagpauna nang sinabi bago pa ito mangyari, at wala ni makaisang pagkakataon na Iyong binigo kami, kundi pinapangyari ito sadyang ayon sa pagkakasabi.

³²¹ Minamahal na Dios, aming napagtatanto na si Jesus Cristo ay nasa sa aming kalagitnaan. Alam naming Siya ay naririto. Naririto Siya ngayong gabi, ang hindi nakikitang Dios ay naririto kasama namin, at magagawang pagtibayin ang bawat pangako na Kanyang ginawa sa Kanyang Salita. Kung papaano Ka tumindig at pinatunayan sa kanila, habang nakatalikod, doon sa orihinal na pasimula maging noong bago pa man nagsimulang magsilitawan ang mga manggagaya, Panginoon, o pumasok sa—sa—sa paligsahan, kagaya rin noon. Iyong ipinakita at pinatunayan, iprinopesiya at sinabi nang tamang-tama sa kung papaano ito mangyayari, at aming nakikitang ito’y naganap sa gayong kaparaanan. At Amang, Dios, alam po naming ito’y hindi maaaring tao, ito’y kailangang ang Dios. Kaya alam po namin na Ikaw ang naririto ngayong gabi. Patawarin Mo po kami sa aming mga kasalanan.

³²² Minamahal na Dios, Iyong pinagaling ang aming mga sakit, ngayon pat—patawarin Mo po ang aming mga kasalanan, Panginoon, ang hindi pagiging uri ng Cristianong nararapat kaming maging, hindi . . . Nagpapahayag ng pagiging isang full-Gospel na lalaki o babae, at heto aming nasusumpungan ang aming mga sarili na bumabagsak na gaya ng isang makadenominasyong manok. Tulungan Mo po kami, mahal na Dios, kunin kami at yugyugin kami ng Iyong Espiritu Santo. At kung mayroon mang kahit anong bagay na nasa amin na hindi katulad sa Iyo, alisin po ito sa amin, Panginoon. At itanim Mo po ang aming mga paa sa Banal na Salita ng Dios, at hayaan Mo po ang Banal na Espiritu na magliyab sa kaibuturan ng aming puso at alisin ang lahat ng dumi ng kawalang-pananampalataya at ang pagkakaantok sa panahong ito; oh, bumangon at yugyugin Mo po ang aming mga sarili. Ipagkaloob Mo po ito, Dios. Linisin Mo po kami! Hulmahin Mo po kami! Gawin Mo po kami! Dios, ipagkaloob Mo po ito.

³²³ Kung mayroong sino man ngayong gabi, Panginoon, na tinataglay sa kanilang puso ang butil na iyon, iyang binhi ng Dios na itinalaga sa Buhay buhat nang itatag ang sanlibutan; alam ko, Panginoon, na sila’y tiyak na makikinig sa oras na ito. Kaya, dalangin ko po, Dios, na Iyong pupuspusin ang kanilang kaluluwa at tatanglawan sila ng isang sariwang bautismo ng Banal na Espiritu, at ipadala sila sa kanilang patutunguhan, na nagagalak at maligaya.

³²⁴ Panginoong Dios, sila . . . ibinibigay ko po sila sa Iyo. Hindi ko po alam kung sinu-sino sila, Ikaw po ang may alam. Ako po’y may pananagutan lang sa pangangaral ng Iyong Salita, Panginoon, habang inihahayag Mo Ito. Ikaw po ang bahalang sumagot sa mga nalalabi nito: kung saan nahuhulog ang Binhi. Inihahasik ko lang po Ito. Panginoong Dios, dalangin kong nawa’y nahulog Ito sa mainam, na matabang lupa ngayong gabi. Na marami ang makakakita Nito, Panginoon, at sumikat na

nagliliwanag na mga Cristiano sa mga huling araw na ito, na ang dakilang bagay na aming pinakaaabangan na darating, ay darating kaagad. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. At Iyong kukunin ang Iyong Iglesya, ang Iyong Nobya, at dadalhin Siya pauwi. Aming nakikita Itong lahat na inihahanda nang maayos. Pumarito Ka po, Panginoong Jesus. Ipinaubaya po namin ang lahat ng ito sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa mga magiging bunga. Amen.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's . . .

325 Mahal n'yo ba Siya? Buweno, kung gano'n kailangang mahal ininyo ang isa't isa. Magkamayan ang isa't isa kapag inyong inawit itong muli:

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On . . .

326 Ngayon tayo'y magbigay-papuri sa *Kanya*. Ilan ang nakakaalam nitong awitin:

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

327 Awitin natin ito ngayon:

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood has washed away each stain.


328 Hindi ba't nadarama ninyong ang lahat ay nalinis na nang husto? Itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Oh, pinagaganda niyan ang pakiramdam ko." Kapatid na lalaki, gustung-gusto ko ang mga lumang awiting iyon. Kayo rin ba? Ang mga iyon ay tumitimo sa puso.

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

329 Atin lang itaas ang ating mga kamay ngayon at purihin ang Dios, bawat isa sa atin, sa sarili nating pamamaraan:

330 Panginoong Jesus, kami'y nagpapasalamat po sa Iyo. Kami'y nagpupuri sa Iyo, Panginoon. Kami po'y nagbibigay-papuri sa Iyo para sa mga tinawag-palabas na mga tao, palabas ng Babilonia. Kami po'y nagpapasalamat sa Iyo dahil sa Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo. Kami'y nagpapasalamat sa

Iyo sapagkat Kanyang ginagawa kaming malinis sa sandaling ito. Kami'y nagpa-... Kami po'y humihingi ng kapatawaran ng mga kamalian po namin, kahangalan po namin, Panginoon, pagkadapa po namin sa dilim. O Dios, nawa kami'y sumikat at magliwanag, at lumakad sa panggabing Liwanag, at maging bunga ng Puno na darating sa pamamagitan ng panggabing mga Liwanag. Ipagkaloob Mo po iyon, mahal na Dios. Aming ipinaubaya ang aming mga sarili sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

³³¹ Ngayon habang nakayukod ang inyong mga ulo, ibinibigay ko sa inyo ang mga pastor na itinataguyod ang gawain. 

*ANG MGA KASALUKUYANG PANGYAYARI AY GINAWANG
MALINAW SA PAMAMAGITAN NG PROPESIYA TAG65-1206*
(Modern Events Are Made Clear By Prophecy)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Disyembre 6, 1965, para sa bangkete ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Orange Bowl sa San Bernardino, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org